Like a spoiled child having tantrums, #DiMasaligan79IB's Commanding Officer Lt.Col. Arnel Calaoagan released a statement lately bragging about the terrorist-tagging of the CPP-NPA-NDF as a whole and Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerrilla Front of the NPA (RJPC-NPA) in particular. A trained fascist by US imperialism, peace saboteur Calaoagan flared up trying to cancel out the people's victory, including long-sought justice meted on criminals and counterrevolutionaries like the Saron Group, by merely branding it as 'acts of violence.'

The people of Northern Negros has long demanded for the Saron Group's punishment. Involvement in the massacre of nine farm workers in Sagay City (more known as Sagay 9 massacre),

land grabbing and labor malpractices particularly in barangays in Toboso and Calatrava, Negros Occidental, labor issues, contract issues for their lumber business (tricking log owners as to payment and exploitation of log cutters), and cohabiting with criminals are only some of the many crimes of this mercenary group led by Juvie Sarena.

The Sarena Group is also a counterrevolutionary gun-for-hire syndicate. These mercenaries are active PNP intelligence operatives monitoring movements of suspected NPA supporters in the area. RJPC-NPA requested for a meeting with the Sarena Group to make them understand the gravity of their actions and its implications, but they did not respond.

The Sarena Group was punished for their unforgivable actions against the people of Northern Negros as despotic landlord and counterrevolutionaries. The revolutionary movement does not allow business operations that endanger the people's security and livelihood within its territory. RJPC-NPA has not transacted with the Sarena Group for revolutionary taxation or other financial obligations.

The complicity of the AFP to such crimes and its sheer hypocrisy of condemning acts to punish the Sarena Group, who has been proven to have perpetrated killings and other heinous crimes against the people, show that Lt. Col. Calaoagan and the AFP are instruments to preserve the class interest of landlords.

Calaoagan and the AFP's terminologies and definitions are heavily contaminated with the narrative of imperialism, bureaucrat capitalism and feudalism. For them, 'peace-loving individuals' (like Sarona) are those who willingly submit themselves to carry out the corrupt aggressions of imperialists, and the big comprador bourgeoisie and local landlords that will result to 'peace.' Meanwhile, they tag as 'terrorists' those who openly oppose such aggressions to defend the vast number of people's lives and livelihood that, to the AFP, will result to 'violence.'

Calaoagan's deceitful claims of #DiMasaligan79IB and PNP being 'professionals committed to the performance of their duty' disregarded numerous rights violations against civilians and poor Northern Negros communities perpetrated by their ranks, including the barbaric acts of killing hors de combat, like Ka Ella, Ka Monet, Ka Simo, Ka Huawei, and Ka Brod, and pronouncing them as casualties of fake encounters.

It is the RJPC-NPA's obligation to own responsibility to its activities against criminals and counterrevolutionaries to protect the people against baseless accusations and trumped-up charges by the NTF-Elcac and its whole-of-nation approach. The NPA makes its action public for the people to be informed of the reasons behind each military action.

In a 'he says-she says' situation, the RJPC-NPA urges the public (and the media people) to investigate up to the grounds to gather truthful information. The vast number of ordinary citizens

are the unbiased source of knowledge versus the AFP/PNP spokespersons who are in the pockets of landlords.

Even though farmers and farm workers are poor and live a modest life, they make sure their beloved NPA are nourished and clothed. The NPA, being the genuine people's army, are always welcomed and sought after by the toiling masses.

Guihulngan PNP Intel Asset, Ginsilotan sang NPA

Enero 11, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Ginapanginbulahan sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang yunit sang NPA sa pursigido nga pagpatuman sang silot-kamatayon kay Eddie Delosendo sang Sityo Mainit, Barangay Bulado, Guihulngan City, Negros Oriental sadtong Enero 9, alas 7:30 sang gab-i.

Malawig na nga panahon nga ginareklamo sang pumuluyo sa lugar ang pagpang-abuso sa mga residente kag pagpaniktik ni Delosendo sa hulag sang NPA kag pagreport sini sa kapulisan sang Guihulngan City.

Si Delosendo ang masupog nga Intel Asset sang PNP-Guihulngan nga nagapanilag sa mga aktibidad sang rebolusyonaryong hublag. Direkta ini nga nagareport sa iya handler ilabe na sa mga

pamilya Delara nga ginakabig nga mga masupog nga kontra-hublag kag mapintas sa mga pumuluyo sang Guihulngan City.

Responsable man si Delosendo sa pagpang-agaw sang mga kadutaan kag palangabuhian sang pumuluyo sa nasambit nga sityo. Ginahalitan tubtob sa pagpatay sang mga de-kantidad nga mga kasapatan sang mga mangunguma kaangay sa pagpatay sang karabaw, baka kag iban pa.

Masami ginareklamo ini sang mga biktima si Delosendo sa otoridad sang Guihulngan City, apang wala sang nagakaigo kag desaysibo nga tikang sa baylo mas nagasupog pa.

Nangin kinaandan na ni Delosendo ang pagpang-abuso sa pumuluyo sang Sityo Mainit bangud kay ginatolerar man ini ni Mayor Felomino “Mikoy” Reyes.

Maragtason na ang kapintas sang pamilya Delosendo sa pumuluyo sang Guihulngan, La Libertad, Vallehermoso tanan sang Negros Oriental lakip na ang banwa sang Isabela, Negros Occidental. Bantog sa kapintas ang nasambit nga pamilya kaangay sang pagpamatay, pagpanglugos, pagpanghold-up kag pagpangawat paagi sa ila amay sadto nga si Zequil Delosendo-lider sang panatiko nga grupo sang “Salvatore” diin ginsilotan man sang NPA sadtong tuig 1988.

Indi pagsundon ang mga malain, kontra-pumuluyo kag kontra-rebolusyon nga gawi ni Eddie Delosendo. Pabayaron man sang dako ang ara sa likod sang mga kalakasan ni Delosendo paagi sa

NPA kag bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan.

Operasyong haras sa Baleno, pagsalubong sa panibagong taon ng mas determinadong rebolusyonaryong pakikibaka ng masang Masbatenyo!

Enero 14, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Salamat sa mahigpit na suporta ng mamamayang Masbatenyo, matagumpay na hinaras ng isang yunit ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate ang nag-ooperasyong tropa ng 96th sa Sityo Lantawan, Barangay Gangao, bayan ng Baleno, noong Enero 13, 2024. Matapos ang ambus, kagyat na itinago ng mga militar ang kanilang kaswalti upang pagtakpan ang kahihiyan.

Ang naturang haras ay bahagi ng walang maliw na pagsisikap ng BHB-Masbate na kamtin ang hustisya para sa mga biktima ng abusong militar at ipagtanggol ang mamamayan sa nagpapatuloy na paghaharing militar sa prubinsya.

Matatandaang bago matapos ang taong 2023, pinatay ng militar ang magsasakang si Pedro Cuevas sa Barangay Maanahao, bayan ng Palanas. Si Cuevas ang ika-24 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa Masbate sa ilalim ng rehimeng US-Marcos Jr.

Babala rin ang naturang aksyong gerilya sa AFP at PNP na itigil na ang nagpapatuloy na

militarisasyon sa mga eskwelahan. Irineklamo ng ilang mga kaibigan sa Department of Education-Masbate ang patuloy na pagpasok ng mga militar sa mga eskwelahan para magrekrut sa Army at sapilitang kuhaan ng impormasyon ang mga estudyanteng batid nilang naninirahan sa mga sonang gerilya. Ilang mga estudyante na ang hindi makapasok sa eskwela dulot ng takot sa presensya ng militar.

Walang katotohanan ang palabas ng militar na may nadamay na sibilyan sa naturang haras. Malayo sa mga komunidad ang pangyayari. Malamang na gawa-gawa lamang ng militar ang naturang pekeng impormasyon para bahiran ng putik ang matagumpay na aksyon at pagtakpan ang mga pinsalang tinamo ng kanilang tropa.

Maraming hamon ang kailangang nagkakaisang harapin ng mga Masbatenyo at ng kanilang rebolusyonaryong kilusan sa pagpasok ng bagong taon. Nariyan ang ekspansyon ng mapaminsalang Filminera-Masbate Gold Project. Nariyan ang lalong nag-uulol na desperasyon ni Gov. Antonio T. Kho na makapanatili sa kapangyarihan na nangangahulugan ng mas malawakan pang pangangamkam ng lupa at mas matindi pang atakeng militar.

Determinado ang rebolusyonaryong kilusan sa Masbate na isulong ang digmang bayan para sa tunay na kalayaan at pangmatagalang kapayapaan. Kaugnay nito, ipinapahayag ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan ang pagsuporta sa pagpapatuloy ng usapang

pangkapayapaan sa balangkas ng naunang mga kasunduan.

Agresibong postura ng US at China sa Karagatan ng Mindoro at sa WPS, banta sa seguridad ng mga Mindoreño at sambayanang Pilipino

Enero 15, 2024

**Ma. Patricia Andal, Spokesperson
NDF-Mindoro**

Nagmistulang lugar-digmaan ang karagatan ng Mindoro sa saklaw ng West Philippine Sea (WPS) dahil sa pang-uupat kapwa ng US at Tsina. Ipinagmalaki ng AFP at ng tropang US ang ginanap na dalawang araw (Enero 4-5) na “maritime cooperative activity” (MCA) o isang pinaikling balikatan exercises sa Cabra Island, Occidental Mindoro na saklaw ng West Philippine Sea. Habang isinasagawa ito, nakaabang ang dalawang barkong pandigma ng Tsina.

Nagiging kasangkapan ng dalawang naggigiriang bansa, laluna ng US ang nakaupong rehimeng Marcos II na sukdulan ang pagkapapet sa US sa hangaring makapangunyapit sa poder at mapakapal ang sariling bulsa mula sa mga kasunduan at kutsabahan sa ekonomiya, pulitika, at militar.

Pinagmayabang ng tropang Amerikano ang kanyang kapabilidad pandigma na binubuo ng USS Carl Vinson (CVN-70), isang tipo ng nuclear-power aircraft carrier, ang mga sasakyang

pandigma na USS Princeton (CG 59) na guided-missile cruiser, ang USS Kidd (DDG 100) na guided-missile destroyers at ang USS Sterett (DDG 104). Kasabay nito nagpakawala ng walong (8) FA-13 at F35 na nagsilbing pwersang panseguridad sa aktibidad na ito ng tropang US at AFP. Samantala, sa panig ng Tsina, minobilisa nito ang sasakyang pandigma na Type 054 frigate (No. 570) at Type 05D destroyer 174.

Sa panahong umiinit ang tunggalian ng dalawang imperyalistang kapangyarihan, inilalagay sa malaking panganib na makaladkad ang ating bansa sa nakaambang pagsiklab ng digmaan sa pagitan nila. Kung tutuusin, ang akto ng dalawang kapangyarihan na ito ay halos kapantay na sa girian nila sa Taiwan Strait, na isang mainit din na eryang pinagtutunggalian ng dalawang kapangyarihang ito sa Asya.

Mariing kinukundena ng NDFP-Mindoro ang akto ng dalawang imperyalistang kapangyarihan na sa saklaw ng ating bansa isagawa ang kanilang umiinit na bangayan. Dapat tuligsain ng lahat ng mamamayang Pilipino ang lansakang pagruyak sa ating soberanya at panghihimasok sa panloob na mga usapin sa bansa at sa ating teritoryo kapwa ng US at ng Tsina. Labag sa interes ng bansang Pilipinas ang panghihimasok ng dalawang kapangyarihan at lalong hindi tayo dapat pumayag na sa karagatan o alinmang parte ng Pilipinas nila gawin ang pagsusukatan ng kanilang armadong lakas.

Tumataas ang posibilidad na maipit tayo sa bangga ng dalawang ito dahil hindi makatindig

ang nakaupong rehimen sa Pilipinas nang naayon sa demokratikong interes na sambayanan. Mas nakapangingibabaw ang makasariling interes ng rehimen ng Marcos na makapangunyapit sa poder at pagkakitaan pa ang katayuan ng Pilipinas bilang piyon sa girian.

Kabuktutan ang ipinangangalandakan ng AFP at US na ang mga aktibidad tulad ng MCA ay malaking tulong sa seguridad ng bansa at di umano'y higit pang pahigpitin ang ugnayan ng Pilipinas at US para ipagtanggol ang karagatan ng ating bansa. Sa katunayan, ang paghigpit ng relasyong US at Pilipinas sa tulungang militar ay lalong nagiging magneto upang iangat ng Tsina ang pang-uupat sa ating bansa at agresibong ipilit ang kanyang kontrol at presensya sa mga islang bahura sa WPS at Pasipiko.

Sa pag-tindi ng girian ng bansang US at Tsina sa ating karagatan, mga mangingisda at ang taumbayan mismo ang nagsasakripisyo at lansakang nasasagasaan ang karapatan at kapakanan.

Noong Disyembre 5, 2023, matatandaang sinagasaan ng barkong bulk carrier ng Tsina ang limang mangingisda sa bangkang Roel J na nakaangkla sa payaw sa karagatan ng Paluan, Occidental Mindoro. Gayundin ang maraming mangingisda sa dalawang probinsya ng Mindoro ang natatakot nang pumalaot dahil sa pambabarako ng Tsina sa karagatan. Nauna pa rito ang karanasan na sinapit ng pangisdang MV GemVer ng San Jose, Occidental Mindoro na matapos sagasaan ay tinakasan pa ang wasak na

bangkang pangisda. Umabot ng apat na taon bago nagawang magbayad pinsala ng Tsina dahil na rin sa pagreklamo ng may ari ng bangka at suportang pulitikal ng mga masang Pilipino.

Hindi na nga makapalaot ng mas mahabang oras ang mga mangingisda dahil sa taas ng presyo ng gasolina, dagdag pa na hindi sila panatag na makapangisda dahil sa paulit-ulit na agresibong akto ng Tsina.

Ang usapin sa WPS ay hindi na lamang usapin ng paghahabol ng Pilipinas ng saklaw sa karagatan. Mas higit na nagiging usapin dito ang tunay na soberanya ng Pilipinas kakabit ng kanyang dantaon nang hangarin para makalaya sa kontrol ng imperyalismong US. Imperyalismong US ang nagsadlak sa ating bansa sa pagiging malakolonyal at malapyudal na siyang dahilan ng kawalan ng kakayahang makatindig sa sariling ekonomiya, at lansakang napanghihimasukan ang pulitika pati ang aspetong militar at patakarang panlabas ng ating bansa. Sunud-sunuran ang rehimeng Marcos sa dikta ng amo nitong imperyalistang US kasabay na minamaksimisa ng rehimen ang pakinabang na makukuha nito sa imperyalistang Tsina na naghahabol na makabig ang naghaharing uri sa Pilipinas.

Walang kongkretong plano at hakbangin ang rehimeng US-Marcos kung paano tutuldukan ang sigalot sa WPS. Dumadagdag sa panganib ng seguridad ang todo-todong pagsalig nito sa suportang manggagaling sa US para sa di umano'y pagpapahigpit ng pagbabantay sa karagatan ng Pilipinas.

Sa kawalan ng matibay na tindig ng gobyerno sa interes ng mamamayang Pilipino, lalong nawawalan ng maasahang tagapagtanggol ang mamamayan sa harap ng mapang-upat na postura ng US at Tsina sa karagatan, kalawakan at kalupaan ng Piipinas.

Sa ganitong pagkakataon higit na kailangan na magkaisa ang mamamayan. Ang pagtatanggol ng ating soberanya ay pagtatanggol na rin ng ating kabuhayan at karapatan sa pagpapasya sa sarili. Tanging demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) ang magtitiyak ng ating tunay na kasarinlan, kalayaan at demokrasya. Ang DRB laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ang komprehensibong programa na lulutas sa sigalot na ito. Kung hinihinging mag-armas ang lahat ng mamamayan upang ipagtanggol ang kanyang bansa, dapat itong may kakabit na demokratikong programa upang matiyak ang interes ng batayang uri ng magsasaka't manggagawa, na siyang pinakamalaking bahagi ng sambayanang Pilipino. Ang ating tagumpay laban sa mapanlupig na mga imperyalsitang kapangyarihan, kasabay ng demokratikong programa ang magtitiyak na dadalhin ang ating bansa sa kalayaan, kasarinlan at tunay na kaunlaran.

Mindoreño, mamamayang Pilipino, magkaisa at labanan ang imperyalistang US at Tsina!
Ipaglaban ang Kalayaan at demokrasya!
Isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan!

Mangunguma sa La Castellana, gintiro sa mga katapo sang 62nd IB

Enero 15, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Mabaskog nga ginakondenar sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang asud-asod nga pagpangharas sang mga katapo sa 62nd IB sa mga sibilyan kag mangunguma sa banwa sang La Castellana kag syudad sang Guihulngan kahapon nga adlaw, Enero 14.

Pasado alas 4:00 sang hapon kagahapon, Enero 14, desperado nga gintiro sang tatlo ka armado kag nakasibilyan nga mga tawo si Cerilo Bagnoran Jr. Nagamaneho sang iya motorsiklo si Bagnoran halin sa iya trabaho padulong sa ila puluy-an sang ginpara kag gilayon ginpa-arakan luthang sang nasambit nga tatlo ka tawo sa Crossing Cordova, Barangay Manghanoy, La Castellana, Negros Occidental. Nakaluwas ang biktima, apang nagtuga sang kakugmat sa pamilya Bagnoran.

Sa inisyal nga pagpangusisa sang LPC-NPA sa mga residente, mga katapo sang 62nd IB Charlie Company ang tuyo nga magpatay kay Bagnoran.

Kilala sa ila lugar si Bagnoran Jr nga isa ka mamumugon sa kampo. Antes pa man sini nga insidente, sadtong Enero 7, may duha na ka tawo nga nagpakilala nga mga katapo sang Philippine

National Police (PNP) nga nagpangita sa iya sa lugar. Pagka-bwas, Enero 8, liwat man nga ginpangita si Bagnoran Jr sa 24 ka tropa sang 62nd IB nga naga-operasyon sa Sityo Mandayao-4, Barangay Kamandag, La Castellana.

Samtang, puguso nga ginransak sang 40 ka tropa sang berdugong 62nd IB ang puluy-an sang pamilya Carreon sa Sityo Bonbon, Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental, alas 11:30 sang aga kagahapon, Enero 14. Ginpang-ukay sang pasistang tropa ang mga kagamitan sang pamilya Carreon kag ginpangita si Bimbo Carreon, tagbalay kag mangunguma. Ginpahug ang mga tawo sa sulod sang balay lakip na ang mga gagmay nga kabataan sang nasambit nga pamilya.

Ang pagpanglagas kag paghingabot sang 62nd IB sa mga inosenteng sibilyan sa pagpanguna ni William Pesase Jr, 62nd IB Commanding Officer, ang klaro nga paglapas sang tawhanon nga kinamatarung, sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) kag rules of war.

Ini ang isa ka mahigko nga taktika sang reaksyonaryong gyera nga ginalunsar sang AFP indi pa batok sa NPA kundi sa mga mangunguma nga ginapasibangdan nga mga supporter sang NPA. Bangud sang pasulit-sulit nga pagtalana sang dedlayn, ini man ang desperado nga tikang sang berdugong tropa sa pagwasak sang rebolusyonaryong kahublagan ilabe na ang NPA sa Central Negros.

Ihatag ang nagakaigo nga hustisya sa mga biktima sang 62nd IB! Pabayaron sang dako ang berdugo kag pasistang 62nd IB paagi sa lapnagon kag madinalag-on nga taktikal nga opensiba sang Bag-ong Hangaway sang Banwa!

Pulang saludo kay Baltazar “Ka Patrick” Hapa, huwarang anak ng Sorsogon

Enero 15, 2024

Samuel Guerrero, Spokesperson NPA-Sorsogon (Celso Minguez Command)

Pinakamatikas na Pulang saludo ang iniaaalay ng Celso Minguez Command-NPA Sorsogon at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa probinsya kay Baltazar “Ka Patrick” Hapa, huwarang anak ng Sorsogon at magiting na Pulang kumander at mandirigma. Nabuwal si Ka Patrick sa gitna ng pakikipaglaban sa mga pasistang tropa ng 31st IB noong Enero 14 sa Barangay Togawe, Gubat—sa kanya mismong bayang tinubuan.

Marubdob na nakikiramay ang NPA-Sorsogon sa naulilang asawa at anak ni Ka Patrick.

Ipinanganak si Ka Patrick noong Enero 4, 1981 sa Barangay Sangat, Gubat sa isang pamilya ng maralitang magsasaka. Ikatlo siya sa apat na magkakapatid. Lumaki siya sa piling ng kanyang lola mula nang pumanaw ang ama noong 1986 at magtrabaho sa Maynila ang ina. Naging katuwang si Ka Patrick ng kanyang lola sa pagtataguyod sa kanyang mga kapatid sa araw-araw. Sa murang

edad, natuto siyang magtinda ng balut sa Sorsogon City para may maipambaon pagdating ng pasukan.

Noong kanyang kabataan, nahimok si Ka Patrick na sumapi sa rebolusyonaryong grupo ng kabataan sa kanilang komunidad laluna at madalas nakikibase ang pulang Hukbo sa kanilang tahanan. Hindi naging mahirap sa kanya na unawain ang mga mithiin ng rebolusyon dahil na rin sa kanyang aktwal na karanasan sa araw-araw. Ang mga dahilang ito rin ang nag-udyok sa kanyang umambing sa New People's Army makalipas ang ilang taon.

Ipinamalas ni Ka Patrick ang sigasig at tigas ng isang kabataan sa kanyang pagpasok sa Pulang hukbo. Dahil dito, ipinaloob siya sa isang yunit panlaban at gumagana ng gawaing medikal at militar. Tumagan siya ng mahahalagang tungkulin sa pag-aalaga sa mga pasyente at paggamot sa kanila. Pinatunayan niya na ang kabataan ay napupuspos ng bagong lakas at enerhiya sa loob ng hukbong bayan.

Pagtuntong sa edad na 21, pansamantalang lumisan sa NPA si Ka Patrick sa desisyong magbuo ng pamilya. Habang nasa komunidad, pumaloob siya sa sangay ng Partido sa lokalidad at tumuwag sa pag-oorganisa sa kanyang baryo. Nakatulong siya sa pagbibigay ng mga pag-aaral, at pana-panahong pinalalahok sa mga gawaing militar ng NPA. Kalaunan, itinalaga siyang pangalawang kalihim ng sangay.

Tulak ng krisis sa ekonomya, lumuwas sa Maynila si Ka Patrick at nagtrabaho bilang box-maker (tagagawa ng mga kahon para sa mga alahas, kwadro at mga journal na pang-eksport). Kapag naman nakabalik sa Sorsogon, madalas siyang tumungo sa piling ng mga kasamang Pulang mandirigma upang tumuwang sa kanilang mga gawain.

Muli siyang nagpultaym sa hukbong bayan noong Hunyo 2015. Kumilos at nag-organisa siya sa mga bayan ng Gubat, Casiguran, Bacon, Prieto Diaz, Barcelona, Bulusan, Sta. Magdalena, Matnog, Irosin at Bulan. Nagsilbi siyang iskwad lider, platun lider hanggang maging kumander ng isang larangang gerilya. Ipinaloob din siya sa yunit panlaban ng buong prubinsya.

Hindi maitatangi ang naging papel ni Ka Patrik sa hindi na mabilang na taktikal na mga opensiba ng NPA na kanyang nilahukan. Dulot nito, hindi lamang siya kinilala at pinasalamatan ng masang Sorsoganon, kundi labis na kinamuhian ng pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado.

Mahusay siyang gumampan ng gawaing propaganda, pag-oorganisa at medikal. Madali siyang nakakapalagayang-loob ng masa at ng mga kasama, at niyayakap siya bilang sarili nilang anak at kapatid. Nakatatak sa kanila ang mga biro, ngiti at kwento ni Ka Patrick. Hindi malilimutan ng mga kasama at ng masang buong-pusong pinagsilbihan ng kanyang kabaitan at katalinuhan.

Inspirasyon siya ng kapwa mga Pulang mandirigma at kumander sa mahigpit na

pagpapatupad at pagtangan sa disiplinang bakal ng hukbong bayan. Kilala siya sa pagiging maalaga sa nasasakupang tropa.

Sa ipinamalas na dedikasyon at husay, itinalaga siyang kasapi ng Komiteng Probinsya ng Partido at ng Pamprubinsyang Kumand ng NPA sa Sorsogon noong 2020. Binalikat niya ang kinakailangang mga sakripisyo para gampanan ang mga tungkuling iniatang sa kanya.

Ipinagmamalaki ng Sorsogon ang sarili nitong anak—si Ka Patrick—na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanyang panahon, talino, lakas at buhay para sa kagalingan ng mamamayang Sorsoganon. Walang-kapantay ang buhay na kanyang inilaan sa pagtatanggol sa inaapi at pinagsasamantalang magkokopra, magsasaka at masang anakpawis ng Sorsogon laban sa mga panginoong maylupa, malalaking burges kumprador at mga dayuhang nang-aapi sa bayan.

Maraming salamat Kasamang Patrick!
Ipagpapatuloy namin at ng mga susunod na henerasyon ang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Taas-kamaong pagpupugay sa iyo at sa lahat ng mga bayani ng rebolusyon!

Agtultuloy nga agipinget ti NPA- Cagayan Valley

Enero 16, 2024

**Elias Almazan, Political Officer
Cagayan Valley Regional Operational
Command (Fortunato Camus Command)**

Iti laksiid ti kannigid kannawan a panaggigiddan dagiti heneral ken ti mismo danog iti bulan a pablaak ni Marcos Jr nga awanen dagiti aktibo a larangan gerilya iti intero a pagilian, agtultuloy met latta ti deployment kadagiti barbaro a pwersa ti AFP kadagiti probinsya ken barbaryo iti kaawayan. Nayon dagitoy kadagiti siguden a pwersa nga inggana ita ket awan-ressat nga agisaysayangkat ti focused military operations ken agin-indeg kadagiti baryo iti linged ti retooled community support program.

Iti kinapudno na, kadaytoy laeng Enero 16 ket pinarubwatan babaen iti send-off ceremony ti nasurok 100 a barbaro a soldado ti 5th Infantry Division nga ipakat iti naduma-duma a probinsya tapno “naan-anay a gibusan ti insurhensiya iti masakupan ti 5th D” a pakairamanan ti Cagayan Valley. Kasinnupadi daytoy kadagiti ilaslastog ni MGen Audrey Pasia, kumander ti 5th ID, idi Disyembre nga “awanen ti kabaelan” ti NPA iti rehiyon nga agirussuat ti pulitiko-militar militar a trabaho ken tantan-awaganen ti 5th ID ti “total victory” da laban iti NPA-CV kadaytoy umuna a paset ti 2024.

Mano aldaw met lang sakbay dagitoy, impablaak ti Northern Luzon Command (Nolcom) nga itultuloy da latta dagiti security operations ken security engagements da ita a tawen. Impudno mismo ti Nolcom a saan da nga agkamkampante kadagiti ibagbaga da a “tedteda” a kameng ti NPA a posible latta a makairussuat kadagiti rebolusyonaryo a trabaho.

Ammo la unay dagiti umili nga ubbaw dagitoy a pakdaar ni Marcos Jr ken ti AFP. Pasig a desperado nga addang ken konswelo de bobo laeng dagitoy tapno pagmawmawen ti risiris ken bittak iti uneg ti AFP nga aggangandat ti kudeta laban kenkuana.

Agdadata a ti rebolusyonaryo a tignayan ken NPA pay latta ti pokus ti AFP, imbes koma a pagsaganaan ken intunaran na nu kasano a salakniban ti pagilian laban iti umir-irteng nga armado a komprontasyon ti US ken China.

Agtaltalinaed a natibker dagiti yunit ti NPA iti Cagayan Valley numanpay adda dagiti napasaran a dangran ken panagsanud kadagiti naglabas a tawen. Dakkel a tulong ken tarabay ti tignayan a panagilinteg ti PKP tapno paggil-ayaben manen ti rebolusyonaryo a pakinakem ken optimismo dagiti kadre ken kameng ti Partido ken dagiti Nalabaga a kumander ken mannakigubat ti NPA ken tapno nasirib nga adawan ti adal dagiti nagbiddutan ken determinado a paayen ti estratehiko nga opensiba ti kabusor.

Daldaliasaten itatta ti sibubukel a rebolusyonaryo a pwersa iti rehiyon ti dalan ti panagpabaro't pigsa ken panagabante manen. Agtaltalinaed a nadam-eg a daga ti Tanap ti Cagayan para iti panagwaras ti apoy ti gubat ti umili. Iti panagkaro ti panagmiraut dagiti mannalon ken dadduma pay a demokratiko a sektor, agtaltalinaed kas kangrunaan a gaway ti umili ti New People's Army.

Nalaos ti determinasyon ti NPA-Cagayan Valley nga agirussuat kadagiti aksyong militar basar iti kabaelan ken kadagiti pannakidangadang a masa nga anti-imperyalista, antipyudal, at antipasista nangruna ta maysa ti rehiyon kadagiti kangrunaan a maapektaran ti El Niño kalpasan ti nagsasaruno a bagyo ken nasaknap a panaglayus inggana idi Disyembre.

Kadagiti kaaw-awayan ken nasulineken a luglugar, ti latta NPA ken dagiti naan-anay a timpuyog ti masa kas bin-i ti demokratiko a gobyerno ti umili ti mapagsanggiran ti masa gapu ta inggana ita, iti radyo laeng ti pakangegan ken pakadamagan dagiti mannalon ken nailian a minorya ti ibagbaga ti estado a “pangdur-as” wenno “ayuda” wenno “tulong ti rehimen Marcos.”

[Pilipino Translation]

Patuloy na magpupunyagi ang BHB-Cagayan Valley

Enero 16, 2024

**Elias Almazan, Political Officer
Cagayan Valley Regional Operational
Command (Fortunato Camus Command)**

Sa kabila ng kaliwa’t kanang pagkokoro ng mga heneral at ng mismong suntok sa buwan na anunsyo ni Marcos Jr na wala nang mga aktibong larangang gerilya sa buong bansa, tuluy-tuloy pa rin naman ang deployment ng mga bagong pwersa ng AFP sa mga prubinsya at komunidad sa kanayunan. Dagdag ang mga ito sa dati nang mga pwersa na hanggang ngayon ay walang-puknat pa

ring naglulunsad ng mga focused military operations at okupasyon sa mga baryo sa tabing nga retooled community support program.

Sa katunayan, nitong Enero 16 lamang ay nagkaroon ng send-off ceremony sa higit 100 bagong sundalo ng 5th Infantry Division na ipapakat sa iba't ibang probinsya upang “tuluyang masugpo ang insurhensiya sa buong nasasakupan ng 5th ID” kabilang na ang Cagayan Valley. Taliwas ito sa mga pagmamayabang ni MGen Audrey Pasia, kumander ng 5th ID, noong nakaraang Disyembre na “wala nang kakayahang” maglunsad ng pulitiko-militar na gawain ang NPA sa rehiyon at tinatanaw na nila ang “total victory” laban sa BHB-CV ngayong unang bahagi ng taon.

Ilang araw lang din bago nito, nagpahayag ang Northern Luzon Command (Nolcom) na magtutuluy-tuloy pa rin ang kanilang security operations and security engagements ngayong taon. Mismong inamin ng Nolcom na hindi sila nagpapakampante sa sinasabi nilang mga “natitirang” myembro ng NPA na posible pa ring makapaglunsad ng mga rebolusyonaryong gawain.

Batid ng mamamayan na hungkag ang mga deklarasyong ito ni Marcos Jr at ng AFP. Desperadong hakbang lamang ito at konswelo de bobo sa mga heneral upang pahupain ang tunggalian at bitak sa loob ng AFP na nagpaplanong maglunsad ng kudeta laban sa kanya.

Sa halip na mas paghandaan at pagtuonan ng pansin ang pagtatanggol sa bansa laban sa

umiigting na armadong komprontasyon ng US at China, ang rebolusyonaryong kilusan at NPA pa rin ang pokus ng AFP.

Nananatiling matatag ang mga yunit ng BHB sa Cagayan Valley sa kabila ng mga tinamong pinsala at mga pag-atras sa nakaraang mga taon. Malaki ang naging papel ng kilusang pagwawasto ng PKP upang muling pag-alabin ng rebolusyonaryong diwa at optimismo ng mga kadre at kasapi ng Partido at mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB at upang matalinong halawan ng aral ang mga pagkakamali at determinadong biguin ang estratehikong opensiba ng kaaway.

Tinatahak ngayon ng buong rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ang daan para sa pagpapanibagong lakas at muling pagsulong. Nananatiling mataba ang lupa para sa pagkalat ng apoy ng digmang bayan sa Lambak ng Cagayan. Sa pagsahol ng pagdarahop ng mga magsasaka at iba pang demokratikong sektor, nananatiling pangunahing sandata ng mamamayan ang Bagong Hukbong Bayan.

Lipos ang determinasyon ng BHB-Cagayan Valley na maglunsad ng mga aksyong militar batay sa kakayahan at mga pakikibakang masang anti-imperyalista, antipyudal, at antipasistang paglaban lalo na ngayong isa ang rehiyon sa mga pangunahing tatamaan ng El Niño matapos ang magkakasunod na paghagupit ng bagyo at malawakang pagbaha hanggang nitong Disyembre.

Sa mga kanayunan at liblib na lugar, ang BHB at mga ganap na samahang masa bilang binhi ng demokratikong gubyernong bayan pa rin ang masasaligan ng masa dahil magpahanggag ngayon, sa radyo lang naririnig ng mga magsasaka at pambansang minorya ang “kaunlaran” o “ayuda” o “tulong ng rehimeng Marcos.”

Panata ng pagwawasto mula sa NPA Masbate: Ibayong pagsulong ng armadong pakikibaka para sa katarungan

Enero 16, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Sa ilalim ng batas militar sa Masbate, ang biktima ang nagiging kriminal, at ang kriminal ang nagiging biktima. Sa resolusyon ng inutil na pamprubinsyang piskalya, lilitisin sa kasong frustrated murder ang mga biktimang sina Jamara Tumangan, Rowel Hagnaya, Alden Tumangan, Rico Cuyos at Senen Dollete na walang habas na pinagbababaril ng militar sa Barangay Balantay, bayan ng Dimasalang noong Hunyo 16, 2023. Matatandaang napaslang ang isa sa mga kasamahan nila Tumangan na si Rey Belan.

Pinalabas ang anim na magsasaka bilang mga kasapi ng NPA na nakaengkwentro ng militar upang bigyang katwiran ang pambabaluktot sa mga biktima. Nangangamba ang rebolusyonaryong kilusan na hindi lamang sina

Belan, Tumangan at mga kasamahan ang makaranas nang ganitong paglapastangan kundi maging ang iba pang biktima at kanilang kaanak.

Marami sa mga kaanak ng mga pinatay ng militar ang pinagbantaang isusunod kung pipiliing magreklamo. Maraming mga biktima ang walang matakbuhan para makahingi ng tulong. Maraming mga biktima at kaanak nila ang napuwersang lisanin ang kanilang mga komunidad para takasan ang panggigipit ng militar.

Labis na nagdurusa at nasasaktan ang mga Pulang kumander at mandirigma ng Jose Rapsing Command - New People's Army Masbate sa tuwing pinahihirapan at malahayop na inaabuso ng militar ang mamamayang Masbatenyo. Sa bawat magsasakang pinapatay, inaagawan ng lupa at pinagkakaitan ng karapatan at kinabuksan, lalong nagiging marubdob ang pagnanais ng NPA - Masbate na maabot ang masa at samahan sila sa pakikibaka para sa katarungan.

Bilang bahagi ng kilusang pagwawasto, buong pagpapakumbabang ipinapangako ng NPA - Masbate na gawin ang lahat ng pagpupursige upang isulong ang armadong paglaban at ipagtanggol ang mga Masbatenyo at kamtin ang hustisya para sa lahat ng biktima ng pang-aapi at pagsasamantala ng bulok na estado.

Hahanap ng daan-daang paraan ang mga kasama para maabot ang mga masang hindi pa nito naaabot. Walang kapagurang tutulong ang mga kasama upang makilala ng mga Masbatenyo ang kanilang lakas at mabuo ang kanilang pagkakaisa

at determinasyong kumilos. Buong giting na maglulunsad ang Hukbo ng mga taktikal na opensiba upang panagutin at parusahan ang mga berdugo at teroristang kriminal na AFP-PNP-CAFGU at kanilang mga ahente hanggang sa tuluyang mawakasan ang paghaharing militar sa prubinsya.

Isa lang ang hinihingi ng NPA-Masbate sa mamamayang Masbatenyo: na buksan ang kanilang mga pintuan at puso para sa pagdating ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng NPA sa kanilang mga tahanan, komunidad at buhay. Dala-dala ng Partido at ng Hukbo ang rebolusyonaryong pag-asa. Huwag nating hayaang ipagkait sa sarili ang rebolusyon bilang solusyon sa ating mga problema dahil sa takot at pagkakanya-kanya.

Handang harapin ng kasama ang hirap at sakripisyo maipaunawa lamang sa mga Masbatenyo na walang ibang solusyon para matuldukan ang dinaranas na paghihirap at pagdurusa kundi ang lumahok sa digmang bayan.

Tanging Digmang Bayan ang daan para sa pangmatagalan at makatarungang kapayapaan at hustisyang panlipunan

Enero 17, 2024

**Eduardo Labrador, Spokesperson
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-
Southern Tagalog**

Katawa-tawa, makaisang panig at nagpakita ng sukdulang kamangmangan ang mga pahayag ng Asistant Director General na si Jonathan E. Malaya ng National Securty Council sa kanyang panayam sa isang burges, reaksyonaryo at komersyalisado na lokal na istasyon ng radyo/telibisyon sa bansa. Puno rin ng salamangka at paglulubid ng buhangin ang kanyang sinulat sa Rappler.

Bentang benta sa hosts ng naturang programa ang mga kabalbalan at kasinunalingan ni Malaya. Ayon sa kanila, mula pa taong 1987 ay hindi na sinsero ang NDFP sa usapang pangkapayapaan. Malisyosong paratang din ang pahayag na “ang NDF ay pumapasok sa muli para sa peace talks, pero nanawagan ng Iwasto ang mga pagkakamali at palakasin ang Partido! Buklurin at pamunuan ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa rehimeng US-Marcos! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan! sa ika-55 pahayag ng PKP.” Ipinipilit pa rin ng dating ‘parrot’ ng DILG na si Malaya na ang pagpasok ng NDFP ay nasa balangkas at yuyukod sa reaksyonaryong saligang batas ng GRP. Ilan lang ito sa mga tampok na ipinutak ni Malaya sa kanyang panayam noong nakaraang Enero 15, 2024.

Hindi namumutaktakan ni Malaya na mismong ang papet na rehimeng US-Cory Aquino, ang kanyang Kalihim ng Tanggulang Pambansa o DND na si Heneral Fidel Ramos ang mga promotor at maysala sa pagdiskaril ng usapang pangkapayapaan noong 1987. Sa eksakto, ang

Masaker sa Mendiola na kumitil sa buhay ng 13 magsasaka na humihiling ng Tunay na Reporma sa Lupa, ang isa sa malinaw na kawalan ng ng sinsiredad ng Rehimen ni Cory Aquino. Isa rin sa mortal na kasalanan ng rehimen ni Cory Aquino ay ang pagpapakita niya ng sukdulang pagkapapet ng pagnanais niya na manatili ang base militar ng Kano sa kabila na ito ay expired na ang pananantili sa bansa ng lagpas Septyembre 1991, ayon sa nakasaad sa 1987 na Saligang Batas. Ipinakita rin ang pangil ng rehimen ng ipinatupad niya ang “total war” na nakapadron sa US Low Intensity Conflict. Higit sa lahat, pakitang tao lamang ito ng rehimeng C. Aquino para makahinga at makapagkonsolida ng kanyang paghahari, pakatandaan, si Gng Aquino, ay Hasyendera at malaking burges komprador burges.

Ang mga sumunod na rehimen, mula sa mga Pangulong Heneral na si FVR, Joseph ‘Erap’ Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo, Benigno Aquino, Jr, at ang mamamatay tao, pasista, tupaken at bengador na si Rodrigo Duterte ay nagsusulong at pinatigas ang interes ng kanilang naghaharing paksyon-reaksyonaryo at among Imperyalistang US. Ang pagpasok ng mga ito sa usapang kapayapaan, kailanman ay hindi para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Iginigiit nila ang pag-yukod sa burges at reaksyonaryong saligang batas ang balangkas ng pag-uusap, hindi pagkilala sa mga naunang kasunduan (hal. JASIG, CARHRIHL), lokalisadong peace talks, pagsasalong ng armas at pag-iwan ng armadong pakikibaka. Sa tuwina ay para lamang

makapagkonsolida ang bagong reaksyonaryong rehimen, para makapagpakawala ng mga magkakasunod na OPLAN laban sa kilusang rebolusyonaryo at mga pambansa demokratikong organisasyong nakikibaka at mamamayan.

Kung tunay ngang sinsero ang GRP sa peace talks, hinahamon namin ang anak ng diktador na si Marcos Jr, na kahit sa balangkas ng mga burges at reaksyunaryong batas ay magkakaroon siya ng programa para sa reporma sa lupa. I abandona ang mga neoliberal na patakaran sa agrikultura, at mga pinasok na kasunduan sa GATT-WTO, RCEP; ihinto ang kaliwa at kanang palit-gamit at kumbersyon ng lupa at pananim. Lubayan ang planong Chacha at People's Initiative.

Gayundin ang mga patuloy na pagpasok sa mga pagsasanay militar katuwang ang imperyalistang US at Japan na lalong maglalagay sa mamamayang Pilipino at bansa na target sa napipintong gyera ng mga imperyalistang bansa. Magnet ang nakakalat na base sa bansa, sa pamamagitan ng EDCA, na magiging lunsaran at pagpapatatag ng hegemoniya ng US sa Asia Pasipiko. Malinaw na indikasyon ng paghahanda sa gyera ay ang pag-iipon ng milyong litro ng petrolyo sa lalawigan ng Zambales.

Nakakahabag rin si Malaya na kwestyunin ang ika-55 taong pahayag ng komite sentral ng Partido. Pagpapakita ito ng kababawan sa pag-unawa ng dinamiko ng mga kasaping rebolusyonaryong organisasyon ng NDFP, ito ay konsultatibo, konsensual at nanatili ang inisyatiba. Ibig sabihen, taimtim na sinusunod ng CPP-NPA

ang kanilang sariling saligang batas, programa, estratehiya at plano ng di nakakahon sa pagiging kasapi ng NDFP. Malinaw pa sa sikat ng araw na ang pagpasok ng GRP at NDFP sa usapang pangkapayapaan ay pagkilala sa Status of Beligerency. Rekognisyon ito ng GRP at maging ilang pandaigdigang institusyon.

Sa ultimo, G. Malaya, sa patron mong si Marcos Jr, at sa nakakubling kamay ng US, kailanman ay hindi bibitawan ng CPP-NPA ang armas at kakumplementang kilusang masa para sa pagkamit ng tagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon o kahit sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan. Hawak ng PKP-MLM at NPA ang aral ng pagsalong ng armas sa mga kilusang rebolusyonaryo ng Nepal, Columbia at Turkey na nabuslo sa pagsuko at kapitulasyon. Ang CASER, ang ubod nito ay ang Repormang Agraryo at Kaunlaran sa Kanayunan o ARRD, kaya ang PKM-TK ay buo ng suporta sa pagkakaroon muli ng pag-sisimula ng usapang pangkapayapaan.

Higit sa lahat ang PKM-ST ay isa sa mga taimtim na tatalima sa panawagan ng ating mahal na Partido, ng Komite Sentral at partikular na panawagan ng Komite ng Rehiyon ng TK para ubos kayang pagsusulong at pagkamit ng kilusang pagwawasto. Sa pamamagitan ng pagpapanibagong sigla ng kilusang magsasaka sa rehiyon at mga probinsya at pag-aabante ng mga anti-pyudal na pakikibaka, pagbali ng galugod nang pyudalismo sa kanayunan, sa dulo sa pag-

abot ng susunod na yugto ng ating digmang bayan at tagumpay ng PDR ng bayan.

Fake encounters behind 3rd ID's 'dismantled' illusion

Enero 18, 2024

Maoche Legislador, Spokesperson NPA Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command)

The Armed Forces of the Philippines' (AFP) 3rd Infantry Division is shameless than ever in declaring New People's Army (NPA) guerrilla fronts on Negros Island as "dismantled" after two fake encounters last January 15 and 17 in Calatrava and La Castellana towns in Negros Occidental, respectively. In the second fake encounter, two civilians were captured and murdered in cold blood by elements of the 62nd Infantry Battalion.

Units of the Roselyn Jean Pelle Command-NPA Northern Negros Guerrilla Front are all intact and performing their revolutionary tasks with renewed fervour among farmers and farm workers who are greatly suffering from landlessness and slave-like wages imposed by notorious despotic hacenderos and their mercenaries. The supposed camp raided by 79th IB soldiers was staged and the encounter claim was taken from worn out drama scripts of the AFP.

Meanwhile, the 62nd IB used an old ruse of unleashing intelligence assets pretending to be

deranged in order to surveil farmer communities and forcibly enter residences in La Castellana, particularly Barangay Sag-ang, ahead of combat operations. The 62nd soldiers were pursuing families and individuals who were in hiding after being red-tagged and targeted during the Philippine National Police's (PNP) bloody Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) or Oplan Sauron 1 last December 2018 in Guihulngan City, Negros Oriental.

On January 17, 6:45 in the morning, at Brgy. Sag-ang, La Castellana, victims Bernard Torres and Boy Baloy were taken and then brutally killed by 62nd IB soldiers. They were unarmed. More importantly, they were not members of the NPA, contrary to Philippine Army reports. As a matter of fact, there was no encounter between the 62nd IB and the NPA that day.

Bernard Torres, from Brgy. Buenavista, Guihulngan City, was a habal-habal driver and member of PISTON Guihulngan City Chapter. Boy Baloy, a senior citizen, on the other hand, was a farmer and native of Brgy. Linantuyan, Guihulngan City. Both experienced harassment from state forces since 2017. They would have been part of the death toll of Oplan Sauron 1 if they were not able to flee together with other families.

Obviously, the 3rd ID, 302nd and 303rd Brigade, and six battalions under their command here in Negros Island are on a fake news spree. Their "dismantled" illusion is endangering the lives of

Negrosanons, especially farmers and farm workers. They are becoming more reckless in their anti-insurgency campaign, engaging in heightening degrees of human rights violations.

The AFP's bases for declaring 'dismantled' guerrilla fronts in Negros Island is farther from the truth. The people of Negros Island knows that. The NPA is ever growing and its mass base deepening because of the worsening semifeudal and semicolonial system. The AFP merits the people's rage because of its sustained focused military operations that sow terror in farmer communities, its defense of foreign interests and local big compradors and landlords, and exploitation of the people for military corruption.

The armed revolution is a historical necessity and inevitability. While the US-Marcos II regime continues its oppressive socioeconomic policies and sycophancy to its imperialist master, the broad masses, composed majorly of peasants and workers, are posed to fight back against landlessness, poverty, low wages, job insecurity, hunger, skyrocketing prices, and absence of social services.

The 3rd ID is up to its neck in deception and state terrorism. In the end, its "dismantled" illusion will be its downfall.###

Lalabanan ng mga Masbatenyo ang papatinding atakeng militar na hatid ng kampanyang “ganap na pagdurog” sa NPA ni Marcos Jr

Enero 18, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Bagamat wala nang nakukumbinsi sa pakana ng militar, dapat paghandaan ng masang Masbatenyo ang mga desperadong hakbangin ng AFP para patindihin ang militarisasyon sa prubinsya, sang-ayon sa utos ni Marcos Jr na umano’y ganap na pagdurog sa NPA.

Nabatid ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate ang paglilibot ng militar sa iba’t ibang sulok ng prubinsya para ipagpatuloy at malamang ay madaliing kampanya ng clear-hold-consolidate-develop upang tuluyang ideklara ang Masbate na insurgency-free. Sa ilang barangay tulad sa Liong sa bayan ng Cataingan, pinupwersa ang mga upisyal ng barangay na magtayo ng ALSA MASA at gawing mga aset o intel ng militar yaong mga napilitang sumurender. Sa Barangay Rizal, bayan ng Dimasalang, nagsagawa ng mga pulong-pulong at pinilit ang mga residente na hawanin ang masusukal na bahagi ng kani-kanilang komunidad. Sa bayan ng Mobo, hinahagupit muli ng okupasyong militar sa ilalim ng Retooled Community Support Program ang kanilang komunidad.

Ang totoo, walang ibang kahulugan ang kampanyang ganap na pagdurog sa NPA kundi ang ibayong pagsupil sa pakikibaka ng masa. Sa Masbate, nangangahulugan ito ng malawakang militarisasyon at kaakibat na mas matitinding pang-aabuso upang wasakin ang pagkakaisa ng mga Masbatenyo.

Sa tangkang durugin ang NPA, pakay ni Marcos Jr na makabuwelo ang mga dayuhan at lokal na mandarambong sa pang-aagaw ng lupa at paghuthot sa yamang likas ng probinsya. Nagsisilbi rin kay Gov. Antonio T. Kho ang pagdurog sa NPA para makapanatili sa tuktok ng kapangyarihan at malubos ang pangungurakot sa yaman ng Masbate.

Sa mga lugar na hindi pa naaabot o pansamantalang naiwan ng Hukbo sa probinsya, dinaranas ng masa ang walang kaparis na pang-aapi at pagsasamantala. Talamak sa mga lugar na ito ang pagpatay sa sibilyan, pagwasak sa kabuhayan at iba pang abuso. Damang-dama ng masa ang kahalagahan ng Hukbo at Partido, laluna sa mga komunidad na pinakaapektado ng pangangamkam ng lupa at pagpasok ng operasyong pagmimina, ekoturismo, rantso at iba pang neoliberal na proyekto.

Hindi na dapat pang pumayag ang mga Masbatenyo sa nagpapatuloy na batas militar sa Masbate. Ito na ang rurok ng kanilang pagtitiis. Kung hindi magkakaisa at lalaban, tiyak magtatagumpay ang militar na tuluyang lunurin sa takot at buwagin ang pagkakaisa ng mga Masbatenyo. Oras na mawala ang

rebolusyonaryong paglaban ng mga Masbatenyo, tiyak na mawawala rin sa kanila ang lupa, karapatan, kabuhayan, at kinabukasang naipundar nila sa pakikibaka.

Pinakamahalagang tungkulin ng mga Masbatenyo sa kasalukuyan ay ang higgpitan ang suporta at pakikipagkaisa sa kanilang Bagong Hukbong Bayan. Kailangan nilang itaguyod ang linya ng ugnayan at komunikasyon sa mga kasama, gaanuman kasidhi ang mga tangka ng kaaway na ilayo ang masa sa kanilang Hukbo.

Sa gabay ng Hukbo, kailangang buuin at paganahin ng masa ang kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon bilang haligi ng kanilang pagkakaisa. Tanging sa aktibong pagkilos ng kanilang mga organisasyon maipagtatanggol ng masa ang kanilang mga komunidad laban sa panghihimasok ng militar.

Pinakamahasay kung makapag-ambag kada baryong may nakatayong organisasyon ng mga dagdag rekrut sa Hukbo, laluna mula sa hanay ng kabataan!

Sa mga lugar na di pa naaabot ng Hukbo, dapat paghandaan at salubungin ng masa ang tiyak na pagdating ng mga kasama. Dumalo sa kanilang mga patawag at papulong.

Mas malubhang pang-aapi at pagsasamantala ang mapapala kung magpapadala sa takot, pananahimik at pagkakanya-kanya. Sa banta ng mas matinding atake ni Marcos Jr, walang ibang solusyon kundi ang magrebolusyon.

Peke nga Engkwentro sa La Castellana, Panghinabon sang 62nd IB

Enero 18, 2024

Kanor Alpeche, 2nd Deputy Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Mabaskog nga ginapakamalaot sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang brutal nga pagpaniro-patay sang berdugong tropa sang 62nd IB sa duha ka mga sibilyan nga sanday Boy Baloy, masobra 60 ang edad, mangunguma sang Brgy. Linantuyan, Guihulngan City kag Bernard Torres, masobra 50 anyos, mangunguma kag habal-habal driver sang Brgy. Buenavista proper, Guihulngan City tanan sang Negros Oriental. Wala kaluoy nga ginpaniro-patay sang nasambit nga tropa militar ang duha ka biktima sa Sityo Gomez, Brgy. Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental alas 6:45 sang aga, Enero 17.

Sandig sa pagpangusisa sang LPC-NPA, 6:45 sang aga, Enero 17 pilit nga ginransak sang platun nga tropa sang pasistang 62nd IB ang balay nga ginatineran ni Baloy kag Torres. Gulpi nga gindakop ang duha, pilit nga gindala sang militar palayo sa nasambit nga balay, gin-interogar, ginkastigo, gintorture kag ginpaniro nga nagresulta sang gilayon nga kamatayon sang mga biktima. Taliwas sa binutig nga palayag sang militar nga kasawalti ang mga biktima sa tatlo ka oras nga engkwentro sa tunga sang NPA kag 62nd IB.

Dugang man nga pagpangusisa, si Boy Baloy ang katapo sang Kaisahan sa Gamay'ng Mag-uuma sa Oriental Negros (KAUGMAON-Guihulngan Chapter). Tuig 2007-ginredtag kag ginpasibangdan sang militar nga "NPA Supporter" rason nga nagpalayo sa lugar. Samtang si Bernard Torres ang biktima man sang iskema sang redtgging sadtong 2017. Katapo si Torres sang UNDOC/PISTON-Guihulngan Chapter. Biktima man siya sang Oplan Sauron sadtong sang US-Duterte nga rehimeng sadtong December 2018.

Indi mga katapo sang NPA si Baloy kag Torres. Si Boy kag Bernard ang lunsay mga sibilyan nga ginredtag sang kapintas nga estado. Indi man armado ang mga biktima kag gintamnan lamang ang duha sang shotgun, .45 cal pistol kag iban pa nga subersibong dokumento. Wala man sang lehitimo nga engkwentro sa tunga sang NPA kag 62nd IB sa lugar kundi muklat nga ginhinabon sang berdugong tropa ang peke nga engkwentro sa ila palpak nga operasyon militar. Ini nga kalakasan kag kabutigan sang 62nd IB batok sa mga inosenteng sibilyan ang indi na bag-o kundi pasista nga tatak sang reaksyonaryo kag mersenaryong Armed Forces of the Philippines (AFP).

Ang brutal nga pagpaniro-patay sang berdugong tropa sang 62nd IB kay Baloy kag Torres sa Brgy Sag-ang (Enero 17), tuyo nga pagpatay kay Cerilo Bagnoran Brgy Manghanoy sadtong Enero 14 kag pag-abdak kay Alan Paul Rayna sa Brgy Puso sadtong Disyembre 23, 2023 tanan sang Banwa sang La Castellana paagi sa peke nga engkwentro

ang desperado nga lihok sang pasistang 62nd IB sa pagwasak sang CPP-NPA sa Central Negros.

Samtang nagapabilin ang pagpamintas sang AFP sa mga sibilyan, ang nagapalig-on sang rebolusyonaryong kahublagan, nagapasingki sang inaway banwa dira sa armadong paghimakas paagi sa nagabaskog kag nagadako nga isip sang New People's Army sa larangan gerilya.

Pulang saludo, Edmar 'Ka Rustom' Solano!

Enero 19, 2024

Estrella Banagbanag, Spokesperson NPA-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command)

Gipasidunggan sa mga Pulang sundalo sa Rachelle Mae Palang Command-New People's Army (RMPC-NPA) ug sa kinatibuk-ang rebolusyonaryong pwersa si Edmar 'Ka Rustom' Solano, sa paghalad sa pinakataas nga porma sa sakripisyo pinaagi sa pagkamartir sa engkwentro nga nahitabo gahapon, Enero 18, sa Sityo Sugong, Barangay Milagrosa, Santa Catalina sa Negros Oriental pasado sa alas 11:00 sa buntag.

Si Ka Rustom, 26 anyos, usa ka kabus nga mangunguma nga nagdesisyong mag-NPA niadtong 2021 para hatagan og hustisya ang pagpang-atake sa iyahang mga pamilya nga biktima sa Oplan Sauron niadtong 2019 ug sa padayon nga pagpangharas sa ila hangtod karon, apil na ang pugos nga pagpasurrender sa iyahang

amahan ug mga igsoon nga nihantong ra sa pagkapriso. Nahimong opisyal sa medikal ug giya pangpolitika si Ka Rustom nga ilado man sa iyahang pagkamaayo sa kultural nga pasundayag nga maoy nakapasuod niya sa mga kauban ug sa masang gialagaran.

Taas nga panahon na nga gipundohan sa pasistang tropa sa 11th IB ang Barangay Milagrosa ug ang mga kasikbit nga mga lugar tungod sa interes sa mga adunahan nga iduso ang mina, ekoturismo, ug uban pang pamaagi nga makapangilog sa yuta sa mga lumulupyong mag-uuma sa lugar. Bunga ani, nagademanda ang katawhan sa hustisya ug pagdepensa sa ilahang palangabuhian taliwala sa nagkagrabe nga atake sa reaksyunaryong estado nga gipangunahan ni Marcos Jr ug sa iyahang iro-iro nga mga opisyal sa 11th IB ug 302nd IBde.

Hangtod karon, gapadayon ang mga operasyong militar sukwahi sa deklarasyon sa kaaway nga “dismantled” na ang larangang gerilya sa Southeast Negros. Gapadayon usab ang ilahang mga pagpundo sa mga lugar sa mag-uuma ug pagpahumot sa mga palpak nga proyekto pinaagi sa Barangay Development Project (BDP) nga kuno magayo sa mga dalan ug magdala og mga pangabuhian sa kabanikanhan, apan sa likod ani mao ang magun-ubong mga proyekto sama sa pagsulod sa Midan Corporation nga nag-Exploratory Mining sa Santa Catalina.

Bisan sa pagbubo sa daghang tropa kuyog ang pekeng impormasyon, dili mahuyang ang kolektibong kusog sa NPA nga hangtod karon

hugot nga gidawat ug giamuma sa masang kabus sa kabanikanhan ug kasyudaran. Gani, ang pagkarmatir ni Ka Rustom magsilbi nga inspirasyon, iwag, ug binhi sa mga dugang pa nga magpakusog sa armadong rebolusyon para iaslang ang interes sa kadaghanan nga kada adlaw gihimuslan sa mga imperyalista, agalong yutaan ug dagkong kumprador. Sa pugos nga paghawid sa himalatyong nga malakolonyal ug malapyudal nga sistema, mismo ang reaksyunaryong estado ang gatuklod sa katawhan nga musukol ug magrebolusyon.

Tinututulan ng mga Masbatenyong ang Charter-Change! Digmang bayan ang tunay na people's initiative!

Enero 19, 2024

Tulad ng ginawa niyang pandaraya para manalo sa pagkapresidente, tusong itinutulak ngayon ni Marcos Jr ang pagbabago sa Saligang Batas sa pamamagitan ng panlalansi sa taumbayan na pumirma sa petisyong sumasang-ayon sa naturang panukala.

Ipinapakalat ngayon sa pamamagitan ng nga alkalde sa iba't ibang bahagi ng bansa ang isang petisyon na tinatawag na people's initiative kung saan inoobligang pumirma ang kada botante kapalit ng P100 o ayuda mula sa TUPAD at DSWD.

Ano ang pagbabago ng Konstitusyon o Charter Change, na mas kilala sa tawag na Cha-Cha? Ito ay ang ilang dekada nang tangka ng mga nakaupo sa poder na baguhin ang Saligang Batas upang patagalin ang sarili sa pwesto, gawing ligal ang

terorismo ng estado at batas militar na paghahari, at tanggalin ang mga natitirang proteksyon ng lokal na ekonomya laban sa dayuhang pandarambong.

Sa Masbate, hindi pa man naipapasa ang Cha-Cha, damang-dama na ng mga Masbatenyo ang mapaminsalang epekto nito.

Damang-dama ng mga Masbatenyo ang epekto ng dayuhang kontrol at panghihimasok. Inutil ang gubyerno sa mababang presyo ng kopra dahil dayuhan ang nagdidikta sa presyo nito. Pinadapa rin ng pagbaha ng mga imported na produkto ang kabuhayan ng mga lokal na magsasaka. Dayuhan lang ang nakinabang sa tone-toneladang ginto na namina ng Filminera samantalang tayo ang magdurusa sa pagkawasak ng mga kabundukan at kapaligiran.

Liban dito'y hawak lang ng iilang pamilya ang mga lupain at pusisyon sa reaksyunaryong gubyerno. Halos kalahati ng kalupaan sa Masbate ay mga rantso na pinagmamay-arian ng iilan lamang na pamilya. Ang mga dinastiyang ito ang siya ring nagpapalit-palitan sa pagkontrol sa lokal na gubyerno.

Batas militar ang umiiral sa prubinsya. Linalapastangan ang konstitusyunal na prinsipyong pangigingabaw ng sibilyang otoridad sa militar. Walang habas na yinuyurakan ang mga kalayaang sibil at batayang karapatan sa lupa, kabuhayan at buhay.

Walang intensyon ang Charter Change na solusyunan ang paghihirap na dinaranas ng sambayanan. Sa halip, patitindihin lamang ng Cha-Cha ang mga kundisyon ng pang-aapi at pagsasamantalang dulot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Sino ang makikinabang sa Cha-Cha? Walang iba kundi ang imperyalistang US, mga malalaking negosyo at mga pulitikong tulad ni Bongbong Marcos at Gov. Antonio T. Kho.

Itinatakwil ng mga Masbatenyo ang Cha-Cha at iba pang pakana para lalo silang ilugmok sa kahirapan. Handa silang iboykot anumang pakana ng panlilinlang para palabasing sinusupportahan nila ang panukalang Cha-Cha tulad ng pagpirma sa petisyong umano'y people's initiative.

Sa halip, hangad ng mga Masbatenyo ang tunay na panlipunang pagbabago sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyon. Sa armadong rebolusyon lamang nila maibabagsak ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo na siyang ugat ng kanilang kahirapan.

Sinusupportahan ng mga Masbatenyo ang Programa ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang natatanging programa para sa tunay na panlipunang pagbabago. Sa halip na dayuhang panghihimasok, hangad nila'y tunay na reporma sa lupa, mekanisasyon ng agrikultura at pagtatayo ng pambansang industriya. Handa rin silang suportahan ang usapang pangkapayapaan sa

balangkas ng mga naunang kasunduan.
Maisasakatuparan lamang lahat ng ito sa
paglahok nila sa digmang bayan bilang tunay na
inisyatiba ng mamamayan.##

Mga pasistang elemento ng 31st at 22nd, naghahasik ng lagim sa bayan ng Barcelona at Gubat

Enero 20, 2024

Samuel Guerrero, Spokesperson NPA-Sorsogon (Celso Minguez Command)

Kinukundena namin ang panghahasik at kawalan
ng respeto ng AFP sa pamilya ng namartir na
kasama na si Ka Patrick.

Kaninang ala-una ng umaga, sinugod ng 10
elemento ng MICO at 31st IBPA ang burol ni
Baltazar “Ka Patrick” Hapa sa punenarya sa
sentro ng Gubat, sa pamumuno ni Jordan
Enconado, ahente ng 96th MICO. Ayon sa pamilya,
binantaan sila ng mga ahenteng militar na
papatayin nila ang kapatid ni Ka Patrick na
matagal nang namuhay bilang sibilyan, kung hindi
daw ito susuko.

Nananawagan naman ang pamilya ni Ka Patrick
na irespeto sila at tigilan na ang panghahasik sa
kanila, lalo na’t may matagal nang kasaysayan ang
AFP na maski sa libing ng martir ay sinusundan at
hinahasik pa rin ng mga pasista ang naiwang
pamilya.

Si Ka Patrick ay pinaslang ng mga elemento ng 31st IB nitong Enero 14, sa Barangay Togawe, Gubat, Sorsogon.

Kasalukuyan naman hinaharas at binabantaan ng mga pasistang AFP ang mga magsasaka sa mga bayan Gubat at Barcelona habang naglulunsad ng kanilang combat operation. Nag ooperasyon ang mga elemento ng 22nd IBPA sa Barangay Alegria, San Antonio, San Ramon, at Sta. Lourdes sa bayan ng Barcelona. Nag ooperasyon din ang mga elemento ng 31st IBPA sa barangay Sangat, Jupi, Dita at Cabiguhan sa bayan ng Gubat.

Ang pananakot at panghahas sa walang kalaban-labang mga sibilyan ay isang karuwagan at paglabag sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) hinggil sa wastong pagtrato sa mga sibilyan sa gitna ng umiiral na gera sibil sa bansa. Ipinapakita lamang ng mga insidenteng ito ang kaduwagan at kawalang respeto ng mga reaksyunaryong armadong pwersa sa mga batas ng digma.

Nananawagan kami sa mamamayang Sorsoganon na maging mapagmatyag sa posible pang maging paglabag sa karapatang-tao sa gitna ng pinatitinding mga operasyon ng AFP/PNP. Dapat magkaisa ang mamamayan sa paglalantad at paglaban sa lahat ng porma ng paglabag sa karapatang-tao.

Hinahamon naman namin ang mga opisyal ng lokal na reaksyunaryong guberno na aksyunan

ang mga daing ng mamamayan laban sa mga abusong militar.

Demilitarisasyon sa West Philippine Sea, ngayon na!

Enero 21, 2024

Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog

Marapat na patuloy na kundinahin at papanagutin ang imperyalismong US at China sa ginagawa nilang militarisasyon sa West Philippine Sea (WPS) dahil paglabag ito sa pambansang soberanya at integridad ng Pilipinas. Ang kanilang presensyang militar sa WPS ay nagsasapanganib sa buhay ng mamamayang Pilipino lalo't umiigting ang tensyon ng dalawang imperyalista sa rehiyong Asia Pacific. Makatwiran ang panawagan ng buong bayan na palayasin ang mga ito at igiit ang soberanong karapatan sa WPS at buong bansa.

Sa pagbungad ng 2024, muling uminit ang tensyon nang maglunsad ng mga ehersisyong militar at mga aksyong militar ng AFP sa pambubuyo ng US sa WPS. Nito lamang Enero 3-4, naglunsad ng pinagsanib na ehersisyong militar ang mga tropang Amerikano at AFP sa Cabra Island, Occidental Mindoro kung saan binuntutan ito ng mga barkong Chinese. Kasunod nito ang mga resupply mission ng AFP mula Enero 3-9 sa mga base sa WPS na binuntutan din ng mga barkong Chinese.

Kamakailan din inianunsyo ni AFP chief-of-staff Gen. Romeo Brawner ang pagdadagdag ng mga base militar ng Pilipinas sa WPS. Tiyak na magreresulta ito ng panibagong yugto ng pag-igting ng girian sa WPS. Gayundin, higit na maaapektuhan ang kalikasan o marine biodiversity sa ginagawang pagpapalawak at pagtatayo ng mga base militar sa mga bahura.

Samantala, nabunyag ang lihim na paghahatid ng US ng 39 milyong galon ng petrolyo sa base nito sa Subic Bay. Tinatayang kabilang ito sa mga hakbang para sa maagang pagpupusisyon ng mga kagamitang militar sakaling pumutok ang gera sa Pilipinas o Taiwan na parehong pinag-aagawan ng US at China.

Malinaw ang mga maniobra ng US para paigtingin ang tensyon at pasiklabin ang gera sa Asia Pacific. Nais ng US na pigilan ang paglawak ng kontrol at kapangyarihan ng China bilang karibal nito sa pandaigdigang hegemonya. Naghahangad din ang US ng gera upang isalba ang naghihingalo nitong ekonomya. Pinagkakakitaan ng military industrial complex ng US ang mga armas na ibinebenta nito, partikular sa Pilipinas sa ilalim ng proyektong modernisasyon ng AFP. Sa 2024, itinaas ng 21.6% ang badyet sa depensa ng bansa para umano sa mga operasyon sa WPS.

Dapat singilin at papanagutin si Marcos Jr. bilang sunud-sunurang papet na nagpapatupad ng mga imbing pakana ng US sa Pilipinas at Asia Pacific. Kailangang palakasin ang panawagang ibasura ang mga hindi pantay na tratadong militar sa US

kabilang ang Bilateral Security Guidelines na pinirmahan ni Marcos Jr sa US.

Dapat igiit ng mamamayang Pilipino ang soberanong karapatan nito sa exclusive economic zone ng Pilipinas sa WPS laban sa agresyon ng China. Kailangang makipagbuklod sa mga bansa sa Asia para sa paggigiit ng pinagkasunduang batas sa karagatan sa ilalim ng United Nations Convention on the Law of the Sea at ipatupad ang naipagwaging arbitral ruling ng Pilipinas noong Hulyo 2016.

Nananawagan ang NDFP-ST sa lahat ng mamamayang mapagmahal sa kapayapaan na gawin ang lahat ng anyo ng paglaban upang pigilan ang pagsiklab ng gera sa Asia Pacific. Ang demilitarisasyon sa WPS ay isang kongkretong hakbang upang maiwasan ang gera. Kailangang ilunsad ang gawaing alyansa at pakikipagkaisa sa iba't ibang mga karatig-bansa sa Asia Pacific para sa pangangalaga ng kaligtasan ng mga mamamayan at pagtindig laban sa agresyon ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Magpalakas at sumulong sa gitna ng umiigting na pampulitika at pang-ekonomyang krisis ng naghaharing sistema

Enero 21, 2024

**Public Information Office
CPP Southern Tagalog Regional Committee**

Binabalot ang bansa ng di mabatang krisis pang-ekonomya na nagbubunga ng kaakibat na krisis sa pulitika ng mga naghaharing paksyong pampulitika sa bansa na kapwa ganid sa kapangyarihan at kayamanan. Sa gitna ng ganitong kalagayan, dapat magkaisa at kumilos ang bayan para sa kanilang pang-ekonomya at demokratikong mga karapatan at interes at sumulong sa pambansa at panlipunang paglaya.

Hindi na maitatago ang kumukulong pampulitikang tunggalian sa pagitan ng paksyong Marcos at paksyong Duterte. Tuluyan nang nawasak ang pinagsaluhang “Uniteam” ng mga Marcos at Duterte matapos ang mga lantad at dilantad na maniobrahan para makuha ang solong kapangyarihan at magpasasa sa kayamanan at kapangyarihan. Kapwa sila humihimod ng suporta sa US at China sa gitna ng umiinit na imperyalistang sigalot ng dalawang makapangyarihang bansa na nagpapaligsahan sa hegemonya sa Asia-Pacific.

Habang umuugong ang bantang kudeta na ibinubunsod ng paksyong Duterte-Arroyo, nagkukumahog naman ang paksyong Marcos sa iniraratsadang pag-amyenda sa konstitusyon.

Sa paglipas ng mga araw ay lalong nagiging lantad at garapalan ang magkabilang paksyon sa pagsusulong ng kani-kanilang makasarili at makauring interes sa pulitika at ekonomya sa gitna ng pagdurusa ng bayan.

Ang bantang kudeta ay nagpapakita ng malalim na krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at

malapyudal. Habang umiigting ang krisis sa ekonomya, mas kumikitid ang kayamanang mapaghahatian ng mga magkaribal na paksyon at nagtutulak sa kanila sa matitinding tunggaliang pampulitika na maaaring humantong sa armadong kumprontasyon.

Sa alinmang paksyon, mahalaga ang kanilang sariling kontrol sa AFP-PNP bilang gulugod ng reaksyunaryong estado. Sa ilalim ng nakaraang rehimeng Duterte, kitang-kita kung paano niya binusog sa sahod, pabuya at benepisyo ang AFP-PNP para mapasunod ito sa kanyang kagustuhan. Ito ngayon ang kapital na ginagamit ni Duterte para pwersahin ang rehimeng Marcos na huwag siyang balewalain, kundi man ay agawin ang poder kay Marcos.

Sa gitna ng ugong ng kudeta, nagmamaniobra si Marcos na pigilan ang plano ni Duterte. Napabalita ang pagbabawal sa mga retiradong opisyal ng AFP at PNP sa pagpasok sa mga kampo militar na sinasabing nasa likod ng planong kudeta. Makailang ulit din ang ginawang pakikipagpulong ni Marcos sa mga opisyal ng AFP ngayong buwan at nitong huli ay muling binuhay ang counterintelligence group (CIG) sa loob ng mersenaryong institusyon laban sa anumang pakana ng pang-eespiya, pananabotahe at mismong kudeta sa loob ng AFP.

Mabilis ding iniraratsada ng rehimeng US-Marcos II ang pakanang pag-amyenda sa konstitusyon bilang pangontra at para palawigin ang sarili sa poder. Grabeng pagpapahinuhod din ito ng rehimeng Marcos II sa imperyalismong US sa

pamamagitan ng lubusang pagbubukas sa ekonomya ng bansa sa dayuhang kapital at interes at ibayong pagsagasa ng imperyalistang globalisasyong neoliberal sa mabuway na ekonomya ng bansa. Gumagapang ang pagpapapirma para sa “People’s Initiative” gamit ang pondo ng bayan na sinusuportahan ng mababang kapulungan ng kongreso habang naobliga namang sumayaw sa “Cha-cha” ang Senado matapos kausapin ni Marcos ang liderato nito.

Bilang malakolonya ng imperyalismong US, tiyak na may basbas ang US sa magiging takbo ng pag-igting ng hidwaan ng magkaribal na paksyong Marcos at Duterte. Higit itong paborable sa interes ng US na para pahigpitin pa ang kontrol sa bansa at gamitin ito sa pakikipagpaligsahan at pakikitunggali sa China. Lalong magdudulot ito ng kapahamakan sa bayan sa pagkakaipit sa napipintong armadong sigalot ng dalawang imperyalistang kapangyarihan.

Anu’t anuman ang maging resulta sa tunggalian ng magkaribal na paksyon ay walang mahihita ang sambayanang Pilipino, bagkus lalo silang mabubulid sa ibayong kahirapan at pagdurusa sa gitna ng pagsahol ng krisis pang-ekonomya at papatinding pasismo at terorismo ng estado.

Habang ipinangangalandakan ng rehimeng Marcos ang hambog na deklarasyon na nakamit na diumano nito ang “strategic victory” laban sa rebolusyonaryong kilusan ay patuloy namang dinudumog ng pasistang tropa ang kanayunan at komunidad kung saan may malakas na

pakikibakang bayan. Nagpapatuloy ang pamamaslang, pekeng pagpapasurender at patuloy na sinusupil ang mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan. Patunay nito ang umuugong na planong pagdadagdag ng dalawang panibagong batalyon ng Philippine Army sa rehiyon ng Timog Katagalugan. Higit ding pinalalaki ng rehimen ang pondo para sa pasismo at terorismo. Gayunman, higit nitong ginagatungan ang alab ng pakikibakang bayan para ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at interes.

Sa gitna ng ganitong kalagayan, dapat maghanda ang bayan sa higit pang pagsahol ng pasistang panunupil. Kaakibat nito, dapat kumilos at makibaka ang mamamayan para sa kanilang interes sa lupa, buhay at kabuhayan. Dapat nilang ipaglaban at ipatanggol ang kanilang mga karapatang-tao sa harap ng paninibasib ng estado. Dapat ilantad at labanan ang patuloy na panghihimasok ng imperyalismong US sa pulitika, ekonomya at militar ng bansa.

Dapat magkaisa ang masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at labanan ang pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa. Dapat ding manawagan ang mga magbubukid sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura at pagpapataas ng farmgate price ng kanilang mga produkto. Dapat paigtingin ang pakikibaka ng mga manggagawa at manggagawang bukid para sa nakabubuhay na sahod. Dapat palawakin ang pagkakaisa ng iba pang sektor na apektado sa patuloy na pagkaltas sa badyet para sa edukasyon,

kalusugan at iba pang serbisyo, habang patuloy na kinokopo ng rehimen ang pondo ng bayan at ibinubuhos sa madugong gera laban sa taumbayan. Dapat magkaisa ang buong bayan para ipaglaban ang kanilang kabuhayan sa harap ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, petrolyo at serbisyo habang wala at kulang ang hanapbuhay at kulang ang sahod at kita para tugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Kapuri-puri at dapat pagpugayan ang patuloy na pakikibaka ng sektor ng transportasyon na apektado ng PUV modernization. Sa kabila ng pagiging manhid at kawalang-pakialam ng rehimen, patuloy silang lumalaban at higit na nagpapalakas at nagpapalawak habang nakikipaglaban. Gayundin ang patuloy na pakikibaka ng iba pang sektor para sa kanilang mga karapatan at demokratikong interes.

Dapat ding matanto ng higit na nakararaming mga opisyal at kawal ng papet at mersenaryong AFP-PNP-CAFGU, laluna iyong galing sa uring anakpawis na ginagamit lamang sila nina Marcos, Duterte, Arroyo at ng mga amo nitong US at China sa kanilang makasarili at ganid na interes laban sa pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Sa ganito, wala silang dapat na wastong gawin kundi ang suportahan ang pakikibaka ng mga demokratikong uri at sektor, bumaklas sa AFP-PNP-CAFGU, sumapi sa National Democratic Front of the Philippines sa pamamagitan ng pagbubuo at pagpapaloob sa mga lihim na selula ng Lt. Crispin Tagamolila

Movement at abutin ang kapasyahang sumanib sa New People's Army, ang tanging tunay na hukbo ng sambayanang Pilipino.

Nakahanda ang Partido Komunista ng Pilipinas-Timog Katagalugan na pamunuan ang pakikibaka ng bayan sa kanyang saklaw para sa kanilang pambansa at demokratikong interes. Patuloy ring bibiguin ng Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng PKP ang tangka ng rehimen na durugin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan. Sa gabay ng panawagan para sa kilusang pagwawasto at sa gitna ng patuloy na paglubha ng krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal, determinado itong lumaban at pangibabawan ang mga kahirapan. Patuloy itong magpapalakas at susulong kasabay ang malawak na masa ng sambayanan para kamtin ng bayan ang tunay na kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Tatlo ka mangunguma, gindakop sa nabukid nga bahin sang Himamaylan City

Enero 21, 2024

Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)

Gindakop sang mga katapo sang 94th IB bisan wala sang kaso ang mag-amay nga sanday Deloy kag Vences de Leon, kag Remy Villacanao, mga mangunguma, sa Sityo Cantupa-Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City pasado alas 2:00 sang hapon subong nga adlaw, Enero 21.

Ginsakay ang tatlo sa salakyan sang 94th IB nga nakaparking sa Sityo Alolong sa amo nga baryo.

Mga katapo sang Kauswagan sang mga Mangunguma sa Buenvista (KMB) ang iligal nga gindakop. Isa man ka lider simbahan si Deloy de Leon.

Digmang bayan ang tanging daan sa pagkamit ng hustisya sa mga biktima ng Mendiola Masaker

Enero 22, 2024

Eduardo Labrador, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Southern Tagalog

Sa ika-2 ng Enero, 37 taon, pampitong rehimen ang ilehitimong administrasyon ni Marcos Jr, wala pa ring natatamong hustisya ang 13 biktimang magbubukid ng karumal dumal na masaker sa paanan ng Mendiola. Malinaw ang may sala, ang militar at Philippine Constabulary o PC. Walang sinuman ang naparusahan. Larawan ito ng kabulukan at umaalingasaw na reaksonaryong hustisya sa bansa.

Nakaukit na sa kamalayan ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang pamamaslang ng estado sa pamamagitan ng AFP-PNP. Walang kaparis ang kademonyohan ng mga pulis at militar sa Guinayangan Massacre (1981), Tagkawayan Massacre, San Antonio (Laguna) Massacre, Bloody Sunday Massacre (2021) at Balayan 7 (2023); gayundin sa mga sibilyan kagaya ng matandang

may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno at ang pitong taong gulang na si Kylene Casao sa Batangas, at dalawang magkokopra ng Quezon na sina Jorge Coronacion at Arnold Buri at marami pa. Ilan lamang ang mga ito sa krimen ng AFP-PNP. Tampok din ang higit sa 30,000 biktima ng war on drugs ng hibang, bengador at mamamatay-tao, dating pangulong si Duterte. Mga pinatay ng panahon ng pasistang Diktador na si Marcos Sr na di bababa 7,000, labas pa daang libong mga inagawan ng lupa, kinulong, tinortyur, hamlet at iba pang anyo ng paglabag sa karapatang pampulitika at pang-ekonomiya. Hindi rin pahuhuli sa karahasan ang total war ni Cory Aquino na nakapadron sa Low Intensity Conflict ng US, magkakasunod na kampanyang militar ng pasista, magnanakaw at tuta ng US na mga rehimen mula kay Heneral Fidel Ramos hanggang Noynoy Aquino.

Minana naman ng ilehitimong rehimeng Marcos II, ang EO 70, Anti-Terror Law, NTF-ELCAC na nagpapahirap sa mamamayan. Nilanaan ito ng bilyong pisong badyet, katunayan, lumobo ang badyet sa depensa at modernisayon ng AFP tungong 21.6%. Pabulusok naman at tinatapyasan ang badyet para sa kalusagan, edukasyon at iba pang serbisyo sosyal. Bwenamano sa 2024, inanunsyo ng USDA, ang Pilipinas ay ang numero uno sa pag-iimport ng bigas sa buong daigdig. Malagim na katotohanan, resulta ng Rice Tarrification Law na naisabatas sa panahon ng ulol at utak pulburang si Duterte.

Neoliberal na patakaran sa agrikultura at ekonomiya ang inaatupag at diin ng rehimen Marcos Jr at mga kroni nitong malalaking burges komprador, lalo ang mga nakapwesto sa mga ahensya ng gubyrno tulad nina Aboitiz, Go, si Laurel-Tiu ng DA na dambuhalang negosyante sa pangisdaan. Ni ingaw ay hindi umiimik at walang pahayag ang mga ito hinggil sa tunay reporma sa lupa. Wala ring tunay na programa para pangalagaan ang lupa, buhay at kabuhayan ng magsasaka at sambayanang Pilipino.

Sa halip, Cha-cha, People's Initiative o PI ang palalo at pailalim na pakana para buu-buong ibuyangyang at ilako ang lupa, negosyo, pamumuhunan sa mga dayuhang negosyong US. Ang Cha-cha at PI ay pakita ng pagiging tapat at sunud-sunuran ni Marcos Jr sa among Amerikano, para matiyak ang kanyang pananatili sa pwesto. Hihimod sa pwet ng US si Marcos Jr para isalba ang kanyang paghahari at matiyak ang pagnanakaw at pangunglimbat at pasarap buhay. Sa gitna ito ng pagkawasak ng UNITEAM nina Marcos-Duterte na lantaran at pailalim na nagbabalyahan sa gubyrno kung saan maaaring humantong ito sa komprontasyong militar.

Ang umuugong, kumukulo at nagbabadyang kudeta ng pangkating Duterte-Arroyo ay hindi para hanguin sa kahirapan ang mamamayan, at lalong hindi para magkaroon demokratikong pagbabago sa lipunan. Kundi para isulong ang makauring interes ng pangkating Duterte-Arroyo, na posibleng nanliligaw din ng suporta ng imperyalismong China, para makapaghari at

makapandambong sa bansa. Syempre pa, para di maampat ang pagtampalasan at pagkopo sa bilyong halagang yaman sa ilalim ng dagat ng WPS.

Walang ibang solusyon, at makakamit lang ang katarungan sa lahat ng biktima ng kalupitan ng estado sa malakolonyal at malapyudal na kaayusan kundi ang pambansa demokratikong rebolusyon, sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka ang tiyak, walang mintis at di magagapi na hahawi para sa lipunang malaya at walang uri.

Masaker sa Mendiola, simbolo ng kawalang-hustisya para sa masang magsasaka

Enero 22, 2024

Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Batangas

Tatlompu't pitong taon na ang lumipas ngunit sariwa pa rin sa alaala ng maraming Pilipino ang Mendiola Masaker—ang walang-habas na pagpaslang ng berdugong pulis at militar sa 13 magsasaka na nagkilos-protesta upang singilin ang rehimeng US-Cory sa pangako nitong repormang agraryo sa mga magbubukid. Sa halip na tugunan ang matagal nang panawagan ng karaniwang mamamayan para sa kanilang demokratikong interes at karapatan, walang iba kundi dahas, pagpaslang, at pananakot ang inihasik ng pamahalaan, gayundin ang lahat ng

nagdaang rehimen ng reaksyunaryong gubyerno na pinagagalaw ng imperyalistang Estados Unidos at lokal na naghaharing uri.

Sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II, lalong lumalala ang kahirapang dinaranas ng mamamayang Pilipino, lalong-lalo na ng mga magbubukid. Sa probinsya ng Batangas, wala pa ring sariling lupa at estableng kabuhayan ang mga magsasaka. Marami sa kanila ay nagtitiis sa mababa at di-tiyak na sahod bilang mga manggagawang bukid sa mga tubuhan, koprasan, at iba pang sakahan.

Matatandaang nagsara ang Central Azucarera de Don Pedro Inc. o CADPI noong Disyembre 2022 na nagresulta sa pagkabulok ng tone-toneladang tubó at pagkalugi ng maraming plantador. Nagdulot din ito ng kakulangan o kawalan ng trabaho ng higit 12,000 manggagawang bukid sa tubuhan. Hanggang ngayon, hindi pa rin nagbubukas ang asukarera.

Talamak din ang pagpapalit-gamit ng lupa o land-use conversion sa iba't ibang bahagi ng probinsya, gaya ng pagtatayo ng mga anti-mamamayang proyektong ekoturismo, mapanirang pagmimina at quarrying, at iba pang porma ng development aggression. Ang mga nabanggit din ang siyang pangunahing dahilan ng matinding pandarahas ng mga berdugong pulis at sundalo upang mapalayas ang mga magbubukid sa kung saan man may gagawing proyekto, o kung saan nakikibaka ang mga mamamayan para sa kanilang karapatan. Halimbawa nito ay ang pagdagsa ng trak-trak na mga sundalo ng 59th IBPA sa Barangay Putol,

Tuy, noong nakaraang taon upang harasin ang mga magtutubó na nananawagan ng ayuda at hanapin, takutin, at pagbantaan ang mga lider-masa gaya ni Jaysie Balugna, tagapagsalita ng Kaisahan ng mga Manggagawang Bukid sa Batangas o KAISAHAN.

Kaisa ang mga rebolusyonaryong magbubukid ng Batangas sa lahat ng mga magsasaka sa buong bansa sa pagkakamit ng katarungan sa bawat kapwa natin magsasaka at iba pang biktima ng karahasan ng estado, ngunit walang iba kundi ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang magbibigay ng tunay na hustisya at katarungan. Tayo, bilang pinakamalawak na populasyon sa isang bansang malapyudal gaya ng Pilipinas ang siyang pangunahing pwersa na maglulunsad ng digmang bayan; na sa esensya'y digmang magsasaka. Hinding-hindi kailanman ibibigay ng reaksyunaryong gubyrno ang hustisya para sa isang krimen na ito rin mismo ang gumawa.

Hustisya para sa mga biktima ng Mendiola Massacre!

Magbubukid, mag-arms! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

Ipagtagumpay ang digmang bayan!

62nd IB Padayon Nagabayolar sang Tawhanon nga Kinamatarung sa La Castellana

Enero 24, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Enero 21 sang hapon—60 ka tropa sang berdugong 62nd IB ang sakay sa rio trak ang ginbubo sa Sityo Sambag, Barangay Manghanoy, La Castellana, Negros Occidental.

Enero 22—nahisayran sang pumuluyo nga nagapanglakaton, nagapanaka-saka sa mga kabalayan padulong sa Barangay Kamandag proper.

Samtang may 30 man ka pasistang tropa sang 62nd IB halin sa Sityo Sigsag, Barangay Sag-ang. Nag-agi sa Sityo Tulo-tulo padulong sa Sityo Texas sakop sang Barangay Kamandag tanan sang La Castellana.

Sa pihak nga bahin, may 30 man ka berdugong tropa sang amo gihapon nga yunit militar ang nagatiner sa Sityo Gomez sang Barangay Sag-ang nga nagapugong sa gwa-sulod sang mga pumuluyo sa nasambit nga lugar. Ginapunggan sang militar ang paggwa sang mga residente sa ila mga minoro matapos nga ginbakwit ang mga ini kag wala ginpabalik sa ila lugar sa sulod sang tatlo ka adlaw (Enero 17-20) matapos sang peke nga engkwentro. Halos indi na makakadto ang mga residente sa ila trabahoan kag mga kaumahan. Nagaperwisyo ini sa hilway nga paghulag kag pagsinalayo sang mga residente sang nasambit nga lugar.

Samtang 100 man ka berdugong 62nd IB ang nagatiner sa mataas nga bahin sang Barangay Sag-ang proper. Pilit nga gin-implementar sang militar ang curfew sa lugar samtang nagapanaka-saka ang nasambit nga tropa militar sa mga kabalayan sang mga mangunguma.

Subong nga adlaw Enero 24, may apat ka tawo nga mga nakasibilyan, may dala sang mga matagas nga kalibre sang armas nga nasulod sa mga sako, diin nagapangsaka-saka sa mga kabalayan sa Sityo Tulu-tulo, Barangay Kamandag, La Castellana sini lang nga aga, Enero 24. Ginpatihan nga mga katapo sang 62nd IB ang mga armado.

Nagtuga sang kakugmat sa pumuluyo ang presensya militar sa mga barangay sang Sag-ang kag Kamandag matapos nga gintiro-patay sang 62nd IB sanday Dionesio “Boy” Baloy kag Bernard Torres nga lunsay mga mangunguma kag sibilyan.

#62ndIBerdugo! #AFPerwisyo!
#layasPasistangMilitar!

Planted kag recycled nga mga Armas, Ginkumpirmar sang 62nd IB

Enero 24, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Ginkumpirmar sang tagtaghol sang 62nd IB sa pagpanguna ni Col. William Pesase Jr, 62nd IB Commander sa ila radio program (Enero 23 alas 12:00 sa udto) nga planted kag recycled ang mga

armas nga hungod nga gintanom sang tropa militar sa gin-alegar duha nga kaswalti sang New People's Army (NPA) sa peke nga engkwentro sa tunga sang NPA kag berdugong tropa sang 62nd IB nga sanday Dionesio "Boy" Baloy kag Bernard Torres sa Hda. Gomez, Barangay Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental sadtong Enero 17 sang aga.

Suno sa mga tagtaghol sa kaugalingon nga radio program sang 62nd IB sa ila headquarter nga nahamtang sa Barangay Libas, Isabela, Negros Occidental, ang .45 cal pistol nga dala ni Dionesio Baloy amo ang .45 cal pistol ni Corporal Mark Anthony Qiuocson nga nakumpiskar sang NPA matapos nga gin-sparu sa Brgy Luz, Guihulngan sadtong tuig 2020.

Ang kamatuoran, Mayo 20, 2023 pa ginsurender na ang ini nga armas ni Reymark Dayanan sa tropa sang 62nd IB. Ini man nga armas ang nalakip na sa mga litrato nga ginpalapnag sang nasambit nga pasistang tropa sa social media nga kuno kabahin sang ila accomplishments.

Makahuluya nga liwat naman ini ginpresentar sa publiko nga mga armas matapos ang peke nga engkwentro sa La Castellana sadtong Enero 17.

Kaladlawan, nga daw wiper ang liog ni Pesase kag de Guzman, ang 62nd IB Spokesperson, upod ang kabilugan nga tropa sang #Liar62ndIB sa paghinabon sang ila kalakasan kag kabutigan. Amo na ang ginasing "Ang isda indi gid mabunit sa iya ikog kundi sa iya baba."

Hublasan ang kabutigan sang berdugong 62nd IB!
Pabayaron sang dako ang mga ini sa ila mga
kalakasan sa pumuluyo sang Central Negros! ###

Deceptive tactics behind ‘People’s Initiative’

Enero 25, 2024

Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)

Red commanders and fighters of Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerrilla Front of the New People’s Army (RJPC-NPA) are alarmed over numerous reports of dubious schemes to hoodwink eligible voters into signing the so-called ‘people’s initiative’ (PI) to amend the reactionary 1986 Philippine Constitution.

Upon further investigation, RJPC-NPA units have concluded that citizens are deceived and forced to sign the PI using the following common empty promises or made-up reasons: work offers under TUPAD program, continuation and unchanged status of 4Ps beneficiaries, petition to banish certain unnamed individuals, and PhP20 million from Sen. Imee Marcos, among others. Barangay officials and employees lead the signature campaign in their respective territories through strenuous house-to-house, group meetings or individual invitation. There was no discussion with residents pertinent to the PI.

Unsurprisingly, several towns and cities in Northern Negros are in the top 10 of most numbers of signatures gathered for PI. In these towns and cities, residents are dependent on the monocrop sugar industry suffering from unsecured jobs, meager and unstable wages, little to no benefits and on hand-to-mouth standard of living. The economic crisis is easily capitalized on because any remedy to the immediate distressing situation, just like false promises of the reactionary government's dole-out finance project, is eagerly welcomed by people.

Moreover, the cities of Sagay, Escalante, and San Carlos, as well as the town of Calatrava, are now the prospects of neoliberal programs to accommodate solar farms, modular nuclear plants, bulk water project, and economic zones. The local chief executives of said cities and town mobilized their election campaign machinery, also incumbent government officials and employees, using deceptive schemes to gather a great number of signatures for PI to amend the reactionary constitution to accommodate foreign ownership of land and basic utilities.

While RJPC-NPA recognizes the people's right to engage in the people's initiative as a mechanism to empower citizens to call for reforms in the reactionary government, we denounce the deceptive mechanisms to accumulate support for a PI that is laden with interests of foreign monopoly capitalists. On the other hand, RJPC-NPA commends a few mayors on their decision to disengage in active participation of such PI

signature gathering and allow freedom of individuals to take action (or not) in PI.

RJPC-NPA orders all units, including units of people's militia and self-defense corps, to complete its investigation on the mechanisms of gathering signatures for PI, collect evidences, identify key players of such deceptive signature gathering, and arrest individuals caught red-handed for questioning and confiscate signature sheets as evidence and further study. Likewise, all revolutionary forces should expose to the masses the ultimate goal of such signature gathering, the people's initiative and the move for charter change.##

Peke ang engkwentro sa Calatrava

Enero 25, 2024

**Cecil Estrella, Spokesperson
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle
Command)**

Wala sang armadong engkwentro sa tunga sang mga tropa sang #DiMasaligan79IB kag mga Pulang hangaway sang Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerilla Front sang New People's Army (RJPC-NPA) sa nagligad Enero 15, 2024 sa Sityo Martesan, Barangay Cambayobo, sakop sang Calatrava, Negros Occidental. Wala sang presensya sang NPA sa amo nga lugar sa nasambit nga petsa.

Peke kag himu-himo lang ang ginpalayag sang #DiMasaligan79IB nga may presensya sang NPA

amo nga nagkondukta sang operasyon nga nagresulta kuno sa engkwentro. Lubos nga kabutigan kag obra-obra lang ang ginpakita nga temporaryong besingan ukon gintiniran sang NPA kag ang mga armas, bala, dokumento kag iban pa nga personal nga kagamitan nga “narekober” matapos ang peke nga engkwentro.

Indi masaligan ang ila mga “evidensya” ukon “rekoberi” nga bisan ang mga yunit sang Armed Forces of the Philippines (AFP) wala magkapareho ang mga gindeklara nga armas nga narekober diin ginsiling sa #DiMasaligan79IB nga isa ka Garand, isa ka Carbine kag isa ka .38 revolver ang narekober, apang suno sa AFP Visayas Command (VisCom), duha ka Garand kag isa ka .38 daw ang mga armas nga nakuha matapos ang ginpagwa nga “engkwentro.” Wala huya man ang #DiMasaligan79IB sa pagpagwa sang mga rebolusyonaryong dokumento nga recycled nga rekoberi kag pag-printa sang mga rebolusyonaryong pahayagan, pareho sang Ang Bayan kag Ang Paghimakas, para ipapati sa publiko nga lehitimo ang nasambit nga engkwentro.

Indi na bag-o ang iskema sang #DiMasaligan79IB kag AFP sa pagpagwa sang peke nga engkwentro. Sumugod nga gin-asayn diri sa Northern Negros ang # DiMasaligan79IB sadtong ulihi nga bahin sang 2017, ginhimo na nila ang amo nga pamaagi:

- Nobyembre 16, 2018 – ginpagwa nga peke nga engkwentro ang misencounter sang mga pasista nga armadong tropa sa Barangay Washington,

Escalante City, Negros Occidental sa diin napatay ang duha nila ka tropa

- Pagka-bwas, Nobyembre 17, 2018 - ginpagwa nila nga engkwentro ang pagbalos nila nga pagpalupok sa mga kabataan nga gahampang sang boga panahon sang gidakop nila ang isa ka sibilyan sa Barangay Langub, Escalante City
- Gisundan ini sadtong Setyembre 19, 2019 sa Barangay Old Poblacion, Escalante City - gindakop ang duha ka sibilyan nga nagpahuway sa natabuan nga lugar
- Hunyo 21, 2021 - ginpagwa sang #DiMasaligan79IB nga engkwentro ang natabo sang ila ginpatay ang isa ka notoryus nga manugpangilkil sadtong Hunyo 21, 2021 sa Barangay Minapasuk, Calatrava, Negros Occidental
- Setyembre 30, 2021 - ginpagwa nila nga engkwentro ang ila brutal nga operasyon kontra sa apat ka mga hors de combat ukon nagmasakit nga mga Pulang hangaway sa Brgy. San Pablo, Manapla, Negros Occidental
- Disyembre 5, 2021 - gisundan gilayon kini sa ila patarasak nga pagpalupok kontra sa isa ka may deperensya sa pamensaron sa Brgy. Winaswasan, Calatrava.
- Hunyo 22, 2022 - madumduman man nga ginpagwa nila nga may engkwentro sa Barangay Minapasuk, Calatrava kag pugos nga ginpabakwit ang mga residente

- Pagdason bulan niini, Hulyo 6, 2022 - nagpatarasak sila sa pagpinalupok sa isa ka balay kag gindakop ang isa ka sibilyan sa Barangay Marcelo, Calatrava
- Oktubre 17, 2023 - nasaksihan sang pumuluyo ang kapintas sa # DiMasaligan79IB sang ginpatay nila ang duha ka sibilyan sa Barangay Canlusong, EB Magalona, Negros Occidental

Pabor tanan sa #DiMasaligan79IB kag AFP ang pagpabugal sang mga peke nga engkwentro, kabaylo sang seguridad kag kalinong sa pagpangabuhi sang pumuluyo. Indi mapilasan ukon mapatay ang ila mga tropa sa himu-himo nga mga engkwentro, kag gani, ginahingalitan para sa pagkilala kag promosyon. Tuburan man ini sang korapsyon sang mga matag-as nga opisyal sa pagreport sa gasto sang mga bala kag iban nga kagamitan militar. Ginapahug kag ginatiplang man sang Puting armado ang pumuluyo gamit ang ila himu-himo nga rekord sang mga rebolusyonaryong pwersa nga nakuha matapos ang peke engkwentro. Ginahimo man nga rason ang mga peke nga engkwentro para masakop sang mga abusador kag wala respeto nga mga elemento sang #DiMasaligan79IB kag AFP ang mga komunidad nga nakaapekto sa hilway nga paghulag sang pumuluyo.

Ang pasismo sang estado gamit ang mayor nga instrumento nga #DiMasaligan79IB kag AFP-PNP-NTF-Elcac, sa tunga sang grabe nga krisis nga ginaatubang sang bilog pumuluyo tuga sang pagdomina sang imperyalismo, upod ang burukrata kapitalismo kag lokal nga pyudalismo,

ang nagaduso sa pumuluyo nga mag-usoy sa mabudlay nga dalan sang pungsudnon-demokratiko nga rebolusyon nga magahawan sa dalan sang sosyalismo, para malab-ot ang bug-os nga komunismo.##

Mangunguma kag indi NPA ang gindakop sang 94th IB

Enero 26, 2024

Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)

Indi matuod nga katapo sang Mt. Cansermon Command-New People's Army (MCC-NPA) ang gindakop kag ginpresentar sang 94th IB kag PNP-Himamaylan City nga si Ray Vinces de Leon, soltero kag mangunguma, sang Sityo Cantupa, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental, sadtong Enero 21, 2024.

Si de Leon, ang iya amay nga si Deloy, kag si Remy Villacanao, isa man ka mangunguma sa katambi nga sityo, ang gindakop pasado alas 4:00 sang kaagahon sa ila tagsa ka balay samtang nagakatulog. Ang tatlo pareho nga mga katapo sang lokal nga asosayon sang mangunguma nga Kauswagan sang mga Mangunguma sa Barangay Buenavista ukon KMB. Isa man ka lider-simbahan si Deloy de Leon.

Isa ka kabutigan kag pagpaniplang ang ginhimo nga pagpresentar sang 94th IB sang mga daan kag pila na ka tuig nga mga piktyur kaangay sa

kay Vinces de Leon para ipagwa nga katapo sang NPA ang gindakop sa nasambit nga militar.

Ang matuod, tuig 2017 sang nagsulod sa NPA si de Leon apang wala ini naglawig. Sang nagpahuway siya, nagapanguma na lang sadtong 2018. Indi man ini aktibo sa armadong kahublagaan sa pila na ka tuig. Nagsurender si de Leon sa 94th IB sang tuig 2020 sang nagpatigayon ang nasambit nga militar sang Retooled Community Support Program (RCSP) sa ila komunidad. Tuig 2020 man sang ginpahug siya sa militar bangud wala siya nagpasugot sa ginpahimo sa iya nga magbalik sa NPA, magkuha sang armas kag mangin espiya sa sulod sang yunit sang NPA. Amo ini ang rason nga naghalin siya sa ila lugar kag napilitan nga magpanago sa iya mga himata.

Subong, ginpriso sa militar si de Leon kag ginpasakaan sang mga pato-pato nga kaso samtang ginbuhian ang amay sini kag si Villacanao. Wala pa gihapon ginpagwa kag ginpakita sa pamilya si De Leon. Tubtob subong, padayon man nga gina-ipit kag ginapahug sang 94th IB ang iya pamilya.

Ini na ang ika-tatlo ka kaso sang iligal nga pagpangdakop sang 94th IB sa sakop sang Barangay Buenavista sulod lamang sa tatlo ka bulan kag naglab-ot sa anum ka mangunguma ang mga biktima. Madumduman nga sang nagligad Nobyembre 2023, gindakop man sang nasambit nga militar ang duha ka mangunguma nga sanday Joel Casusa kag Jenny Radles sa amo gihapon nga sityo. Iligal man nga gin-aresto sang mga soldado si Pokoy Rebradilla sa Sityo Karanawan sadtong

Disyembre 2023 sa amo gihapon nga baryo. Sila tanan mga katapo sang KMB.

Masami nagakahadlok ang mga pumuluyo, ilabi na ang mga mangunguma, sa asud-asod nga pagpang-ipit kag pagpamilit sang 94th IB nga mangin asset sang militar kag magkontra sa rebolusyonaryong kahublagan. Masami man nga mapilitan nga maghalin sa ila pangabuhian ang mga mangunguma bangud sa kahadlok para sa ila kabuhi kag pamilya.

Ginhimo man sa 94th IB ang pagpagwa sang mga peke nga engkwentro agud hinabonan ang ila mga krimen batok sa pumuluyo. Nagprensentar man sila sang mga peke nga 'surrenderees' para sa ila puno sang korapsyon nga programa sang E-CLIP.

Ginapanawagan sang MCC-NPA sa pamilya sang mga biktima sang ilegal nga pagpang-aresto sang 94th IB nga dapat manindugan kag ipakigbato ang ila kinamatarung bilang mga sibilyan. Dapat maghiliusa ang bilog pumuluyo agud mahatagan sang hustisya ang mga biktima sang paglapas sa tawhanon nga kinamatarung nga ginkomiter sang 94th IB kaangay sang ekstrahudisyal nga pagpamatay, pagpanglugos, pagpangbomba, pagpamahug, pagpangransak kag iban pa.## ##

Pagkawasak ng Masbate kapalit ng sapilitang pagpapapirma sa people's initiative

Enero 27, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Kabaha-bahala ang palihim na pagpapalaganap ng petisyong people's initiative sa mga barangay sa Masbate. Namonitor ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan na nagsimula na ang pagpapapirma sa ilang mga bayan sa pamamagitan ng mga opisyal ng barangay sa hudyat ni Gov. Antonio T. Kho.

Walang bahid ng anumang inisyatiba ang naturang people's initiative. Ayon sa mga paabot ng masa, ni hindi ilinilinaw ang layunin sa pagpapapirma.

Hinihikayat ng Jose Rapsing Command-BHB Masbate ang mga Masbatenyo na maging kritikal sa pakay ng pagpapapirma. Pinakamahusay kung iboykot ng mamamayan ang naturang petisyon. Kapalit ng sapolitang pagpapapirma sa kanila ang pagsuko ng kanilang lupa, karapatan, kabuhayan at buong kinabukasan ng Masbate sa kamay ng dayuhan at lokal na mandarambong. Kapalit ng kanilang pagpirma ang lalong kasakiman sa kapangyarihan ni Marcos Jr at mga lokal na kasabwat tulad ni Gov. Kho.

Hinihikayat din ang mga official ng local government units na huwag maging padalus-dalos sa pagpapapirma. Nauunawaan ng rebolusyonaryong kilusan na karamihan sa inyo ay pwersadong sumunod sa atas ni Gov. Kho at malamang na marami sa inyo'y makakatanggap ng pabuya o kikbak sa pagpapapirma. Subalit kung sinsero sa sinumpaang tungkulin bilang halal na

lingkod ng taumbayan, mas mahusay na ipaunawa ninyo sa inyong mga nasasakupan ang tunay na layunin ng people's initiative.

Nananatiling hindi maunlad, bansot, atrasado at palagiang nasa krisis ang bansa dahil mismo sa matagal nang panggingibabaw ng imperyalistang dayuhan sa ekonomya, pulitika, militar at kultura ng bansa. Ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ang tunay na ugat ng paghihirap ng sambayanang Pilipino. Sa pamamagitan ng mga tuta nitong rehimen tulad ng kay Bongbong Marcos, ipinagkait sa sambayanang Pilipino ang mga pangako ng kaunlarang nakasaad sa kasalukuyang Konstitusyon. Lahat ng ito'y palulubhain lamang ng Charter Change.

Ang landas para sa tunay na panlipunang pagbabago ay sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyon. Makatarungan at nararapat para sa mga Masbatenyo na lumahok sa digmang bayan bilang kanilang tunay na people's initiative para sa tunay na kaunlaran, kaayapaan, demokrasya at katarungan.##

Rapist sa Vallehermoso, Ginsilotan sang NPA

Enero 27, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Ginkalipay sang mga pumuluyo sang Sityo Palasan kag Sityo Ban-ban Uno, tanan sang Barangay Guba, Vallehermoso, Negros Oriental ang pagpatuman sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) sang silot-kamatayon kay Ronel Fuentes, 33 anyos sadtong Enero 22, 2024 ala 1:30 sang hapon.

Pursigido nga ginpatuman sang yunit sang LPC-NPA ang mando sang rebolusyonaryong korte sang pumuluyo agud hatagan hustisya ang mga biktima kag malikawan ang iban pa nga gusto biktimahon ni Fuentes.

Gross counts of incest-rape, child abuse and violence against women ang kaso nga ginpamatbat sang Rebolusyonaryong Korte sang Pumuluyo kay Ronel Fuentes sadtong Oktubre 2023 matapos nga napamatud-an sang korte nga iya ginkomiter ang pagpanghimulos/pagpanglugos sa kaugalingon sini nga kadugo.

Si Fuentes ang naghimulos kag nagkonsumo sa iya duha ka utod nga babaye sadtong tuig 2009. Samtang isa pa ka utod ni Ronel ang tuyo man sini nga himuslan.

Onse anyos pa lang ang isa ka utod sang ginkastigo antis ginhimuslan siya ni Fuentes sang makapila ka beses sa sulod lamang sang duha ka semana. Ang ikaduha nga utod , nga isa ka person with disability (PWD) (isa ka "apa") ang ginlugos man ni Fuentes sa pila man ka beses diin nagresulta sang depresyon sa biktima tubtob nga nag-utas nalang ini sang iya kaugalingon nga kabuhi.

Masami nga ginapahug ni Fuentes ang ikatatlo ka utod nga patyon kon manugid matapos nga makighilawas sa iya. Sirkumstansya lang nga nakapalagyo ang biktima rason nga wala matigayon ang maitom nga handum ni Fuentes. Samtang masami naman nga ginakastigo ni Fuentes ang iya kaugalingon nga asawa sa tion nga may mga alawayon sila nga mag-asawa.

Ginapasalamatan gid sang LPC-NPA ang padayon nga suporta kag wala paghubas nga pagsalig sang mga pumuluyo sa rebolusyonaryong kahublagan ilabe na sa Communist Party of the Philippines (CPP)-NPA sa pagpaluntad sang matuod nga kalinong kag katawhay sa lugar.

Ginapanawagan sang LPC-NPA nga indi gid pagsundon ang binaboy nga gawi ni Ronel Fuentes. Samtang ang CPP-NPA ang may hugot nga angot sa malapad nga masa, indi ini malimdan sa mga kontra-pumuluyo nga mga kalakasan sang mga kontra-rebolusyon kag malain nga mga elemento sa sakop sang larangan gerilya. Ang NPA magahatag sang nagakaigo nga hustisya sa mga biktima batok sa mga mapamatud-an nga kriminal sandig sa kabug-aton sang kaso nga nakomiter.###

Kasarinlan at karapatan, lupa at kabuhayan, hindi chacha!

Enero 28, 2024

**Leona Paragua, Spokesperson
NDF-Palawan**

Mariing kinukundena ng NDFP-Palawan, kaisa ng malawak na hanay ng mamamayang Palaweño, ang ginagawang pagraratsada ng rehimeng US-Marcos II na baguhin ang Konstitusyong 1987. Sa gitna ng krisis pang-ekonomya na nagdulot ng ibayong kahirapan at pagdurusa ng mamamayan, sukdulan ang pagpapauna sa makitid na makauring interes ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at pangangayupapa sa pagsunod sa utos ng imperyalismong US upang higit na higgitan ang kontrol at lubusin ang mga pakinabang nito sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Matapos ang mga bigong pakana ng mga nagdaang rehimen na itulak ang chacha, todolarga sa kasalukuyan ang mga maniobra ng rehimeng US-Marcos II para isagasa ito. Daan-daang milyong piso ang ibinuhos nito para koordinado at garapalang pakilusin ang mga alipures ni Marcos sa kongreso, senado at mga lokal na gubyrno. Sa tulak ng kampong Marcos-Romualdez, inilunsad ang huwad na “people’s initiative” na pinangungunahan ng huwad na grupong People’s Initiative for Reform and modernization (PIRMA) para magpetisyong baguhin ang Konstitusyong 1987 at para isingit ang probisyon para sa magkasanib na pagboto ng Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso sa pagpapatibay ng mga panukalang susog sa konstitusyon. Tusong ipapawalambisa ng maniobrang ito ang kapangyarihan ng senado upang lamunin ng kapangyarihan ng Kamara de Representates o House of Representatives na pinamumunuan ni Romualdez. Malinaw itong

tinutulan ng senado sa kanilang unanimous na pagtindig ng pagtutol sa isinusulong na ito ng Mababang Kapulungan ng Kongreso.

Sa pagsusulong nila ng “people’s initiative,” garapalan nang iginagapang sa buong bansa ang pangangalap ng pirma pabor dito mula pa noong unang mga araw ng buwan. Pinadalhan ng kinakailangang forms ang mga kongresista mula sa iba’t ibang partido pulitikal at ipinatatagos nila ang pagpapapirma hanggang antas-barangay, kung saan kinakasabwat nila ang mga barangay official. Nilililang ng mga pagpapapirmang ito ang taumbayan na isinasabay sa mga ayuda at iba pang pakulo ng mga lokal na gubyerno nang hindi ipinaliliwanag sa mamamayan ang gagawing pagbabago ng konstitusyon.

Tulad ng kadilimang unti-unting lumalambong sa kalupaan, pinalalaganap na ni Jose Alvarez sa probinsya ng Palawan ang pagpapapirma pabor sa chacha. Tigas-mukhang ipinagmamalaki pa niya na pinangungunahan niya ito at na nalagpasan na ng 2nd District ng Palawan ang 3% minimum na kinakailangang pirma. Inuudyok pa niya ang 20% ng populasyon nito na pumirma. Sa ganito, hindi maitatangi ang pagyukod niya sa rehimen, kasabay ng pagkamal ng sariling ganansya sa panukalang pagpapalawig ng termino ng mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno kapag natuloy ang chacha.

Malinaw na ang pakanang chacha ay kontra-mamamayan, kontra-mahirap, anti-nasyunal at anti-demokratiko. Kung magtagumpay ang rehimeng US-Marcos II sa chacha, babaguhin nito

ang mga probisyong pang-ekonomya ng Konstitusyong 1987 para lubusang ipaubaya sa mga dayuhang kapitalista ang pag-angkin at pagdambong sa yaman ng bansa para magkamal ng supertubo. Patitibayin nito at sesementuhin ang mga patakarang neoliberal sa mismong reaksyunaryong konstitusyon ng bansa na wawasak sa lokal na agrikultura at industriya. Pipilayin nito ang ekonomya at aalisin ang kakayahan ng Pilipinas na paunlarin ang lokal na produksyon at buu-buong sumalig sa importasyon. Tiyak na huhugos ang pagpasok na dayuhang kumpanya at pamumuhunan sa pagmimina, agrokorporasyon at malalawak na plantasyon sa Palawan sa kapariwaraan ng mga katutubo at iba pang mamamayan at tuluyang pagwasak ng kapaligiran sa probinsya at bansa.

Dagdag pa, nais ng imperyalismong US na ganap nitong gawing forward military base ang Pilipinas. Upang maisakatuparan ito, nilalayon ng chacha na alisin ang pagbabawal sa mga dayuhang base militar sa bansa. Malaki ang epekto nito sa probinsya lalo't estratehiko ang geopolitikal na pusisyon nito sa pinatitinding tensyong militar ng US laban sa China sa rehiyong Asia Pacific. Nitong January 17 lamang, bumisita ang US Armed Forces Special Operations Command Pacific kay Dennis Socrates bilang paghahanda sa ilulunsad na namang ehersisyong militar ng US sa probinsya na Tempest Wind 2024. Ibayo nang paglabag sa karapatang-tao at abala sa kabuhayan ng mamamayan ang lagi't laging idinudulot sa bawat pagtapak ng mga mersenaryong sundalong Amerikano sa isla ng Palawan sa mga ehersisyong

militar nito. Higit ang pangamba ng mga Palaweño kapag buu-buo nang naibukas ang bansa bilang base militar ng US.

Para naman kay Marcos, layunin niya sa chacha na burahin ang mga markang anti-diktadura sa Konstitusyong 1987 dahil ito ay binuo at pinagtibay matapos ang pag-aalsang EDSA na nagpabagsak sa diktadurang rehimeng US-Marcos noong 1986. Sa harap ng malakas na daluyong ng demokratikong kilusang masa, napilitan ang pumalit na naghaharing estado na lagyan ng mga palamuting demokratiko at makabayan ang reaksyunaryong saligang batas. Gayunman, sa mahigit tatlo't kalahating dekada, inikutan o tahasang nilabag ng reaksyunaryong guberno ang mga probisyon nito sa pagpapatupad ng mga batas at patakaran pabor sa interes ng imperyalistang US at kasabwat ang lokal na naghaharing-uri sa kapinsalaan sa mga demokratikong karapatan at interes ng sambayanan.

Upang kontrahin ang pakana ng reaksyunaryong rehimen, kumalat na parang apoy ang pagtutol ng iba't ibang pwersa at sektor sa pagputok ng balita ng pagtutulak ng chacha. Binatikos ng malawak na hanay ng mamamayan ang "people's initiative" na umalingasaw sa baho dahil sa nalantad na panunuhol at korapsyon kapalit ng pirma. Binabatikos din ng mga progresibo at mga pambansa-demokratikong pwersa ang term extension ng mga burukrata kapitalista at ang planong pagpasok ng mga neoliberal na amyendang pang-ekonomya na mag-aalis ng mga

limitasyon sa dayuhang pamumuhunan at nagbabawal na magmay-ari ng lupa sa bansa.

Nananawagan ang NDFP-Palawan na magkaisa at puspusang labanan ng mamamayang Palaweño ang chacha dahil lalo nitong palalalain ang neoliberal na sistemang nakasalalay sa dayuhang pamumuhunan at pag-aangkat, pumapatay sa lokal na kabuhayan, nagtutulak ng ibayong pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pumipigil sa pagtaas ng sahod sa probinsya, at ng korapsyon ng mga dinastiyang pampulitika ng pamilyang Alvarez at Socrates. Dapat igiit at ipaglaban ang pambansang kalayaan at soberanya, gayundin ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan sa lupa at kabuhayan.

Hinihikayat din ng NDFP-Palawan ang malawak na hanay ng mga progresibo at makabayang negosyante at panggitnang pwersa ng Palawan upang pigilan at labanan ang pagbubukas sa mahahalagang aspeto ng ekonomya ng bansa sa 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa mga lupa at serbisyong pampubliko na idudulot ng chacha. Tiyak na isasangkalan ng rehimen sa pamamagitan ni Romualdez kasabwat sina Alvarez at Palawan 1st district representative Salvame ng lokal na reaksyunaryong gubyerno ang napakamahal na singil at papalya-palyang suplay ng kuryente ng Palawan Electric Cooperative (PALECO) upang papasukin ang dayuhang pagmamay-ari at pamumuhunan sa kuryente at enerhiya, at upang isalaksak ang pangangailangan ng enerhiyang nukleyar sa pinirmahang

Kasunduang 123 sa pagitan ng Pilipinas at imperyalismong US.

Sa gitna ng lumulubhang krisis dulot ng pandarambong ng imperyalismong US at lokal na naghaharing-uri, dapat paigtingin ng mamamayang Palaweño ang pakikibaka para sa buhay at kabuhayan. Dapat ikawing ito at pataasin sa komprehensibong pagsusulong ng pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal, anti-pasista. Pahugusin sa lansangan ang mga makabayan, progresibo at demokratikong pwera bitbit ang mga karaingan at panawagan ng mamamayang Palaweñong inaapi at pinagsasamantalahan. Katulad ng naganap sa Unang Pag-aalsang EDSA noong 1986, dapat mag-ipon ng lakas, palawakin ang pagkakaisa at padaluyungin ang pambansa-demokratikong kilusang masa na sisingil sa papet, pasista at pahirap na rehimeng US-Marcos II.

Labanan ang inhustisya at pangangamkam ng lupa, isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon

Enero 28, 2024

Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog

Ginugunita ng NDFP-ST at mamamayan ng Timog Katagalugan ang Mendiola Massacre noong Enero 22, 1987. Iniresulta ng masaker ang 13 magsasakang patay at higit 60 sugatan sa isang protesta para igiit ang lupa, karapatan at hustisya sa ilalim ng rehimeng US-Aquino I.

Muling inaalaala at binibigyang pugay ng NDFP-ST at mamamayan ng TK ang mga magsasakang pinaslang na sina Danilo Arjona, Leopoldo Alonzo, Adelfa Aribe, Dionisio Bautista, Roberto Caylao, Vicente Campomanes, Ronilo Dumanico, Dante Evangelio, Angelito Gutierrez, Rodrigo Grampan, Bernabe Laquindanum, Sonny Boy Perez at Roberto Yumul. Pito sa mga biktima ay mula sa Laguna.

Sa 37 taong nakalipas, wala pa ring nakakamit na hustisya para sa mga kaanak at biktima ng Mendiola Massacre. Higit pang lumalala ang mga paglabag sa karapatang-tao lalo sa uring magsasaka. Inaatake ng AFP-PNP ang kanayunan at mga kabayanan upang pigilan ang paglaban ng mga magsasaka para sa lupa at kanilang karapatan. Inire resulta ng militarisasyon ang kabi-kabilang pamamaslang, pagdukot, tortyur, sapilitang pagpapasuko, sapilitang pagpapalayas, mga blokeyo sa pagkain at iba pa. Tampok na kaso sa unang taon ni Marcos Jr ang pagpaslang ng AFP kina Kyllene Casao, 9-taong bata, at Maximino Digno, matandang may kapansanan sa pag-iisip sa Batangas; at Kapitan Dante Yumanao sa Mindoro. Inaresto at ginigipit ang mga magtutubo sa Batangas na tumututol sa pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc. kagaya ng San Juan 3; at mga organisador ng magsasaka at katutubo sa Mindoro katulad ng Mansalay 2. Libu-libong magsasaka naman ang isinailalim sa pekeng programang pagpapasuko.

Nanariwa ang karahasan ng Mendiola Massacre sa patuloy na pamamaslang ng mga nakikibakang

magsasaka, tampok ang paninibasib ng rehimeng Marcos II at nakaraang rehimeng Duterte sa Negros, Masbate at Samar. Lansakang paglabag sa karapatang tao ng estado at AFP ang pagpatay maging ng mga batang anak ng mga magsasaka, matingskad na kaso ang pagpatay sa pamilya Fausto sa Negros noong Hunyo 2023. Ang naghaharing kultura ng impyunidad ay nag-iinstitusyunalisa ng karahasan at kumakanlong sa mga mamamatay-tao at uhaw-sa-dugong mga pwera ng estado.

Pilit na ginagamit ng estado ang kamay na bakal nito para supilin ang paglaban ng mamamayan para sa lupa. Nagpapatuloy ang laganap na kawalan ng lupa dulot ng monopolyo at pangangamkam ng mga panginoong maylupa (PML) kasabwat ang mga burgesya komprador at imperyalista (MBK). Tulad ng iba pang programa ng reaksyunaryong guberno, hungkag ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na isinabatas sa ilalim ni Cory Aquino matapos ang Mendiola Massacre dahil hindi ito nagpatupad ng tunay na reporma sa lupa. Ilang beses itong pinalawig, subalit bigo itong ibigay ang kahilingan ng magsasaka na magkaroon ng lupa. Sa halip, ginamit ito para sa rekonsentrasyon ng mga lupain sa kamay ng mga PML at burgesya kumprador. Nagkakailang kaso na sa Timog Katagalugan ang pang-aagaw ng lupang isinailalim sa CARP.

Tiniyak ng mga sumunod na rehimen ang pagkakait ng lupa sa magsasaka sa pamamagitan ng pagpapalit-gamit nito tungong komersyal,

negosyo, plantasyon, mina at base militar. Isinabatas ang National Land Use Act ng rehimeng US-Duterte na nagsilbi lamang sa interes ng mga MBK at PML. Pangita ang laganap na kawalan ng lupa sa inilabas na ulat ng Philippine Statistics Authority noong Disyembre 2023 na higit 600,000 ektarya ng mga irrigated lands ay isinailalim sa kumbersyon sa nagdaang dekada. Malaking bahagi nito ay mga palayan sa Central Luzon at pumapangalawa ang Timog Katagalugan.

Napakatuso ng ilehitimong rehimeng Marcos II na ipagpatuloy ang programa sa pagpapalit-gamit ng lupa sa kabila ng isinabatas nitong New Agrarian Emancipation Act. Mababalewala ang kanselasyon diumano ng mga utang ng magsasaka kung ang mga lupa ay manganganib na mawala sa kanila dahil sa pang-aagaw sa pamamagitan ng kumbersyon at mga huwad na proyektong pangkaunlaran ng reaksyunaryong gubyerno. Magbubunga ito ng rekonsentrasyon ng mga lupa dahil sa pagpapabilis ng pag-akumula ng lupa mula sa mga benepisyaryo ng huwad na reporma sa lupa o CARP.

Ang nilulutong charter change ng ilehitimong rehimeng Marcos II ay magpapalala pa ng monopolyo sa lupa ng iilan dahil bibigyan nito karapatang mag-ari ng 100% sa lupa ang mga dayuhan.

Sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, mahigpit na magkakawing ang laban para sa hustisya at laban para sa lupa. Kailangan sumalig ng mga magsasaka sa kanilang lakas

upang makamit ang karapatan at katarungan. Dapat papanagutin ang mamamatay taong reaksyunaryong estado gamit ang AFP-PNP sa mga krimen nito sa mga magsasaka at mamamayan. Dapat ding ipagtanggol ang mga nakamit na tagumpay ng uring magsasaka sa balangkas ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Suportahan ang posibilidad ng peace talks ng NDFP at GRP at ipursige ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms na nagsusulong ng programa sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Nararapat ding igiit na sundin ng GRP ang mga naunang kasunduan sa peace talks kagaya ng The Hague Joint Declaration at Comprehensive Agreement on respect for Human Rights and International Humanitarian Law.

Tahakin ng mga magsasaka ang landas ng pambansa demokratikong rebolusyon at sumapi sa Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM). Kailangan nilang itayo ang isang tunay na gubyernong bayan na magpapatupad ng tunay na reporma sa lupa. Katuwang ang NPA, isinusulong ng PKM ang rebolusyong agraryo na may maksimum na layuning kumpiskahin ang lupa ng mga PML at ipamahagi ito sa mga magsasakang wala o kulang sa lupa. Minimum na programa nito ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi ng usura, pagpapataas ng paupa sa manggagawang bukid at pagpapataas ng presyo ng produktong bukid.

Makabuluhan para sa masang CamNorteño ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan

Enero 29, 2024

**Carlito Cada, Spokesperson
NPA-Camarines Norte (Armando Catapia
Command)**

Makabuluhan para sa masang CamNorteño ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan, ngunit hindi ito nangangahulugan ng pagtahimik at pagsalong ng mga baril.

Sinusuportahan ng masang Camnorteño ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan na pinirmahan ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng mga upisyal ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa Oslo Norway noong Nobyembre 23, 2023. Patunay ito na ang rebolusyonaryong kilusan ay laging bukas at handang makipag-usap para sa pagkamit ng matagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglutas sa tunay na ugat ng armadong tunggalian.

Para sa masang taga-Camarines Norte, bakit nga ba mayroong usapang pangkapayapaan? May usapang pangkapayapaan dahil may nagaganap na digmaan—digmaan sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno (GRP) na kumakatawan sa mga naghaharing uring mga PML, burukratikong upisyal ng gubyerno, mga burgesyang kumprador at mga dayuhang negosyante. At ng National Democratic Front ot

the Philippines (NDFP) na kumakatawan sa makauring interes ng malawak na masang inaapi't pinagsasamantahan ng bansa. Ang usapang pangkapayapaan ay bahagi ng Digmang Bayan. Isa itong anyo ng paglaban para sa interes ng mamamayan.

Ang Camarines Norte ay mataba ang lupa para sa ibayong paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan bunsod ng dustang kalagayan ng malawak na mamamayan. Isa ang prubinsya sa matinding binayo at patuloy na binabayo ng sosyo-ekonomiko at pulitikang krisis mula pa sa pagpasok ng dekada '60 hanggang sa kasalukuyan. Nananatiling inaapi at pinagsasamantalahan ang malawak na masang CamNorteño sa ilalim ng pyudal na pagsasamantala sa mga kanayunan. Katulad ng sistema ng partehan sa produksyon, pagbabarat sa mga produkto katulad ng kopra, palay, pinya at iba pang produktong agrikultural. Dagdag ring panganib sa mga magsasaka ang pang-aagaw ng kabuhayan bunsod ng mga dayuhang pamumuhunan katulad ng mga renewable energy, pagmimina at mga National Greening projects sa anyo ng pagpapatanim ng kape at cacao, gemilina, kawayan at iba pa sa mga lupang timber land.

Nananatili rin ang mapang-aliping sahod ng manggagawa at mala-manggagawa na umaabot lamang ng ₱360 kada araw sa kabila ng patuloy na pagsirit ng mga pangunahing bilihin. Ang mga magkakabod, na tinatawag ding mala-manggagawa dahil sa wala silang ibang pag-aari kundi ang kanilang sariling lakas paggawa, ay

labis na nagdurusa sa napakababang halaga ng kanilang namiminang ginto. Ngunit may mas higit pang pinangangambahan ang mga magkakabod, ito ay ang nasa 11 mga dayuhang kumpanya na naglalaway sa mga yamang mineral ng prubinsya katulad ng Mt. Labo Exploration and Development Corporation (MLEDC). Pang-aapi at pagsasamantala ang kakambal ng mga pamumuhunang ito para makapagtabo ng limpak-limpak na kapital mula sa yaman ng prubinsya at murang lakas-paggawa ng mga pobreng CamNorteño.

Bukod dito, lalong pinasasaklap ang buhay at kalagayang ng masang CamNorteño dahil parang “normal” na lamang ang walang patid na pagtaas ng implasyon sa buong prubinsya, ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Mula Oktubre 2022 hanggang Oktubre 2023 ay nanatili sa 6.5 % hanggang 9.5% ang tantos ng implasyon. Pinakamataas ang naitala noong Enero 2023 na pumalo sa 9.5% at nitong Setyembre 2023 na pumalo ng 8.5%. Nangunguna ang prubinsya sa may pinakamataas na implasyon sa buong rehiyon. Ang pananatiling mataas ng implasyon ay nangangahulugan ng pagkalugmok ng ekonomiya at kabuhayan ng masang CamNorteno. Kaugnay nito ay wala ring ginagawang kongkretong solusyon ang mga burukratikong pulitiko maliban sa mga patse-patseng ayuda at mga programa.

Karugtong ng matinding krisis na ito ay ang malawakan at ang papatinding pasismo sa hanay ng mamamayan. Isang mabangis na halimaw ang

NTF-ELcac, AFP, PNP at CAFGU dahil sa dumaraming mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao katulad na lamang ng ekstrahudisyal na mga pagpatay, tortyur, pananakot at psywar. Mas masahol dito ang mga gawa-gawang engkwentro na pumapatay sa mga sibilyan at mga pekeng pagpapasuko.

Ang patuloy na pagbulusok ng kabuhayan ng mamamayan ng Camarines Norte ay nangangahulugan ng patuloy na paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi lang sa prubinsya kundi sa buong bansa. Ang dekadang pang-aalipin at pangbubusabos ng naghaharing bulok na sistema ang ugat ng 55 taong armadong tunggalian sa bansa.

Ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ay pagpapatunay rin ng pagkilala ng reaksyunaryong gubyerno sa rebolusyonaryong gobyernong bayan at sa patuloy na paglawak at paglakas nito na ibinubunsod ng patuloy na paglala ng socio-ekonomiko at pulitikang krisis ng bansa na inianak ng pandaigdigang krisis ng kapitalista. Alam ng reaksyunaryong gubyerno na hindi sa pamamagitan ng militar masusugpo at malulutas ang armadong tunggalian sa bansa dahil pinatunayan na sa kasaysayan na hanggat may kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi ay lagi't-laging lilitaw ang armadong paglaban.

Upang suportahan ang usapang pangkapayapaan, makatwiran lamang ang panawagan ng sambayanang Pilipino na palayain ng rehimeng Marcos ang 800 bilanggong pulitikal, kabilang ang

lahat ng NDFP peace consultants na bahagi at kakatawan sa NDF sa usapang pangkapayapaan.

Dapat ring ipanawagan ang kagyat na pagbasura sa na nagbabansag sa PKP-NPA-NDF bilang mga terorista at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na pangunahing naghahasik ng terorismo at tagapamandila ng local peace talks sa anyo ng mga pekeng pagpapasuko at huwad na amnestiya.

Dapat ding kilalanin ang mga naunang kasunduang napagkaisahan gaya ng The Hague Joint Declaration bilang balangkas ng usapang pangkapayapaan at mga nakaraang nilagdaang kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP tulad ng CARHRIHL, JASIG atbp.

Umaasa ang masang CamNorteño at buong rebolusyonaryong kilusan sa muling pag-usad ng usapang pangkapayapaan. Sa kabila nito, mahigpit ang hawak ng Bagong Hukbong Bayan sa kanilang mga baril, lalo't higit pinatunayan na sa mga nakaraan na traydor at taksil sa mga kasunduan ang hanay ng AFP-PNP-CAFGU.

Tunay na reporma sa lupa, pambansang indusriyalisasyon, hustisyang panlipunan at iba pang demokratikong repormang panlipunan, ang maglulutas sa armadong labanan.#

Opisyal na pahayag sa unang taong pag-alaala sa pag-aalay ng buhay ni Kasamang Dani “Ka Karen” Lagrama

Enero 29, 2024

Kabataang Makabayan-Quezon

Sa kabila ng mga internal na balakid at banta ng pasistang estado ngayong taon, mapagpasya itong hinaharap ng mga kabataan at estudyante ng lalawigan ng Quezon para patuloy na palakasin ang pag-alab ng dekadang pagsusulong ng pambansang demokratikong rebolusyon.

Taas kamaong binabati ng Kabataang Makabayan-Balangay Dani Lagrama (KM-DL) ang pinakamamahal nating Partido Komunista ng Pilipinas sa ika-55 taong pagdiriwang nito ng pagkakatatag. Kasabay nito ang pagpaparangal sa buhay na inialay nina Ka Ka Benito Tiamzon, Ka Wilma Austria-Tiamzon, Ka Jude Fernandez, Ka Josephine "Sandy" Mendoza, Ka Emmanuel "Alfie" Nazareno at Kasamang Joma Sison.

Natatanging pagdakila naman ang aming pinaaabot kina Kasamang Joseph "Ka Ken" delos Santos, Recanio "Ka Jeni" Bulalacao at lalo't higit kay Dani "Ka Karen" Lagrama. Isang taon na ang nakalilipas matapos silang mamartir sa Barangay Huyon-Huyon, San Francisco, Quezon noong ika-29 ng Enero. Walang kaparis ang kanilang pag-aalay ng buhay para sa rebolusyunaryong kilusan at mamamayan ng Bondoc Peninsula.

Para sa mga kabataan at estudyante ng lalawigan, huwaran ang dakilang sakripisyo ni Dani para itaguyod ang kagalingan hindi lamang ng sektor ng kabataan kundi pati sa pagtatanggol ng karapatan ng mga aping magsasaka at mamamayan ng Quezon. Ang kaniyang hindi mapaparisang ambag sa rebolusyonaryong kilusan

ng mamamayan ang nagbibigay inspirasyon sa amin upang mapagpasya at mapangahas na isulong ang mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibakang masa. Gayundin, para lubusang ilantad at labanan ang kolonyalisado, komersyalisado at pasistang katangian ng edukasyon—na walang pinagbago, sa halip ay lumala pa matapos ang ‘new normal.’

Bago pa man mapagpasyang tahakin ni Dani ang buhay at pakikibaka sa sonang gerilya noong 2018, aktibo nang lumalahok si Dani sa iba’t ibang aktibidad pampaaralan para iabante ang kagalingan at karapatan ng kaniyang mga kapwa estudyante. Ganap siyang namulat nang tumuntong sa kolehiyo at nag-aral sa Manuel S. Enverga University Foundation at Southern Luzon State University.

Nanguna si Dani sa paglulunsad ng mga porum-talakayan, art exhibit at iba pang porma ng mga pag-aaral upang makapag-organisa ng mga kapwa estusyante at makapagpalalim ng kaalaman sa tunay na kalagayan ng lipunan. Kasabay ng pagiging mag-aaral sa kursong BS Biology, nagsilbi rin siya bilang tagapangulo ng Student Council ng kaniyang kolehiyo sa College of Arts and Sciences (CAS). Tunay na primaryang interes ni Dani ang pagsisilbi sa kapwa at malawak na hanay ng masang api.

Habang tinatapos ang kaniyang thesis, ginagampanan niya ang mga tungkulin sa pagiging lider-estudyante. Primarya niyang tinugunan ang pagtitiyak sa malakihang pagkilos noong buwan ng Oktubre taong 2015. Mahigit

kumulang sa 5,000 magsasaka at iba pang sektor ang nagsama-sama para ipanawagan ang pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo at pagbabalik ng pondo coco levy sa mga magsasaka't magniniyog sa probinsya.

Ang anti-estudyanteng polisyang edukasyon, nakapanlulumong kalagayan ng mga magbubukid at ang kagustuhang baguhin ang kronikong sistema ang nagtulak kay Dani upang iangat sa pinakamataas na porma ang kanyang pakikibaka. Kaya taong 2018, bitbit ang rebolusyonaryong diwa at ginintuang puso para itaguyod ang karapatan ng nakararami, buong loob na nagpasya si Dani na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Upang marapat na dakilain ang sakripisyo ni Dani o Ka Karen para sa mga kabataan, mamamayan, bayan at rebolusyon, idinadambana namin sa kaniya ang opisyal na pagpapangalan sa balangay ng Kabataang Makabayan sa lalawigan ng Quezon. Patuloy ang pagpapalakas at pagpapatatag ng Balangay Dani Lagrama laluna sa tumitinding krisis sa ekonomiya at girian sa pulitika ng mga pangkatin ng pamilyang Marcos at Duterte.

Hamon ngayon sa mga kabataan na paghalawan ang buhay pakikibaka ni Ka Karen upang isulong sa walang kaparis na antas ang pambansang demokratikong rebolusyon. Gamiting inspirasyon ito upang puspusing iwasto ang mga naging kamalian at paunlarin ang mga naging kahinaan. Pandayin ang mga sarili at kolektiba sa turo ng Marxismo-Leninismo- Maoismo at wastong ilapat ito sa ating pang-araw-araw na mga gawain.

Palagiang balikan rin ang mga suri't aral ni Kasamang Joma Sison upang matalas na kumpunihin ang ating mga naging kamalian at kahinaan.

Panawagan sa mga kabataan na mapagpasyang harapin ang mga sakripisyo upang puspusang isulong ang demokratikong rebolusyon bayan! Dakilain si Ka Dani Lagrama! Mabuhay ang Kabataang Makabayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Matagumpay na Pagbigwas sa 80th IBPA, ipinamalas ng NAAC-NPA-Rizal

Enero 31, 2024

Macario 'Ka Karyo' Liwanag, Spokesperson NPA-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command)

Matagumpay na tinambangan ng NAAC-NPA-Rizal ang nag-ooperasyong tropa ng bayarang 80th IBPA ganap na 5:10 ng madaling araw, Enero 31, 2024 sa Lukutang Malaki, Barangay San Isidro, Rodriguez, Rizal. Nagresulta ito sa pagkamatay ng isang sundalo at pagkasugat ng dalawa pa habang wala naman napinsala sa panig ng mga Pulang mandirigma.

Matatandaan na mula pa noong Pebrero ng nakaraang taon ay wala nang tigil ang operasyon at pagbantay ng mga militar sa mga barangay sa Rodriguez na sasaklawin ng tuloy-tuloy na konstruksyon ng Wawa-Violago Dam at iba pang may interes sa Lukutang Malaki ng naghahari-hariang malalaking burgesya kumprador-

panginoong may lupa na mga Araneta, Villar at Robles. Nagkakailang mga katutubo na at mga mgasasaka ang kanilang iligal na ikinukulong dahilan lamang sa kanilang aktibong pagdepena sa kanilang karapatan sa kabuhayan katulad nina Danilo Acayen at Lito Bueno.

Dapat na ilantad at labanan ang mga ginagawang paglabag sa karapatang pantao ng 80th IBPA laban sa mamamayan. Sumasailalim mula kahapon ang mga residente sa saklaw ng tatayuan ng Wawa-Violago dam at ng pinagyarihan ng pananambang na mga paghihigpit sa paglabas at pagpasok ng mga residente sa lugar, paghingi ng ID sa pagpasok sa lugar, paglalagay ng mga checkpoint at pagbabahay-bahay at may mga nakalistang maraming pangalan na tinatanong sa mga residente.

Desperado ang AFP na madurog ang NPA-Rizal upang bigyang daan ang mga diumanong proyektong pangkaunlaran ng mga naghaharing uri upang magkamal ng limpak-limpak na yaman para sa kanilang sariling interes, subalit sumisira sa kabuhayan ng mga katutubong Dumagat-Remontado, nagpapalayas sa mga magsasaka at sumisira sa kalikasan.

Patuloy lamang na mabibigo ang mga berdugo at bayarang AFP dahil ang NPA ang tunay na hukbo ng mamamayan na magtatanggol sa kanilang kagalingan at magpapalaya sa sambayanan mula sa paghahari ng Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata kapitalismo. Hinding-hindi magmamaliw ang suporta ng masa sa NPA-NDFP-CPP taliwas sa ipinangangalandakan ng AFP,

NTF-ELCAC at iba pa nilang kasapakat na wala na raw ang NPA at marami na ang mga sumuko. Pinatutunayan lamang nito ang kahungkagan at kasinungalingan ng mga programa ng AFP at NTF-ELCAC na ang tanging pinagsisilbihan ay ang mga amo nilang kapitalista, panginoong may lupa at burukrata kapitalista. Hangga't hindi nasosolusyunan ang mga ugat ng kahirapan, kawalan ng katarungang panlipunan ay patuloy at tiyak ang tagumpay ng Demokratikong Rebolusyong Bayan!

Mabuhay ang New People's Army!

Mabuhay ang Sambayanang Inaapi!

Magpalakas, Magwasto at Magtagumpay!

Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang CPP at NDFP!